# Magasin ng BAGONG Buhay

AGOSTO 25, 1957

LIBRARY
AUG 26 1957



# ILANG MAKASAYSAYANG YUGTO SA UNANG HIMAGSIKANG PILIPINO

### Isinasalaysay Dito Ang Mga Pangyayaring Nagbunsod Sa

*Sinulat ni*
**ARTURO MA. MISA**

HINDI inakala ng sumulat nito na makatagpo niya at makausap ang isang taong di miminsang nakaharap nang persona' ni Dr. Jose Rizal at ng iba pang mga bayani ng ating lahi na tulad nina Andres Bonifacio, Marcelo H. del Pilar, Hen. Antonio Luna, Hen. Gregorio del Pilar, Emilio Jacinto, Apolinario Mabini at maraming iba pa. Ang taong ito ay si Heneral Guillermo Masangkay, ang nag-iisang buhay na labi ng Katipunan na kasama sa mga rebultong nakaukit sa bantayog sa rotonda ng Kalaanan sa Grace Park, Kalookan, Rizal.



*Si Heneral Guillermo Masangkay at ang ilan sa mahalagang "alaala" ng unang himagsikan na naagaw nila sa mga kastila. Ang itak sa dakong gitna ay siyang ginamit ni Andres Bonifacio nang ibunsod ang "Unang Sigaw..."*

Sa pakikipanayam ng sumulat nito kay Hen. Masangkay ay isinalaysay ng Heneral ang makakasaysayang yugto ng unang himagsikan na sa maraming pagkakataon ay tumupad siya (si Masangkay) ng mahahalagang papel.

Ayon kay Hen. Masangkay, ika-18 ng Agosto ng 1896 nang dumaong sa **Fuente de España** (ngayo'y Tulay Jones) ang barkong **España** na kinalululanan ni Dr. Jose Rizal.

Nang malaman ni Andres Bonifacio na lulan si Rizal ng dumating na bapor ay inatasan sina Emilio Jacinto at Guillermo Masangkay na makipagkita sa bayani upang hingan ng kuru-kuro tungkol sa binabalak na paghihimagsik ng Katipunan. Ipinasabi rin ng Supremo na himukin ng dalawa si Rizal upang sumama at tumulong sa kanila, sapagka't isang lalaking katulad ni Rizal ang kailangan sa kanilang lihim na kilusan.

Madaling tinupad ng dalawa ang kanilang misyon. Subali't nabigo sila sa kanilang pakay. Si Rizal, na mahigpit na tinatanuran ng mga kawal, ay naglahad ng mga matwid kung bakit hindi pa nararapat na magbangon ang bayang Pilipino laban sa mga Kastila. Sinabi ni Rizal na tatanggapin muna niya ang alok ni Gobernador-heneral Ramon Blanco upang maging manggagamot ng hukbo ng Espanya. Sa gayon ay mapag-aaralan niya ang mga lihim na taktika-militar na magagamit ng kanyang bayan pagdating ng takdang panahon. Ipinaliwanag pa ni Rizal na ang sandata ng mga Pilipino ay pawang tabak, matutulis na sibat at iilang baril na naagaw sa mga kawal-kastila. Kung matutuloy ang binabalak na paghihimagsik ay tiyak na isang pagpapatiwakal lamang sa panig ng mga anak ng bayan. Ayon kay Rizal ay masidhi rin ang kanyang hangaring makitang malaya ang kanyang bayan, subali't naniniwala siya na ang kalayaang iyan ay di maaaring makuha sa pamamagitan lamang ng tabak. Para kay Rizal ay nararapat na daanin sa isang mapayapa at mahinusay na pakikipag-unawaan ang ikapagtatamo ng kalayaan.

Nang mabatid ni Bonifacio ang naging pasiya ni Rizal, ay pinatungo niya si Guillermo Masangkay sa Pandakan upang tagpuin sina Bernardo at Miguel Resurreccion. Ipinasabi ni Bonifacio kay Masangkay na kailangan ng kilusan ang paglilingkod ng dalawa at ng ilan nilang mga tauhan, pagka't binuo sa isip ng Supremo na kunin si Dr. Rizal sa kanyang mga tanod sa isang paraang marahas, ano man ang mangyari.

Sa pamamagitan ng balak ni Bonifacio ay natitiyak nilang maaagaw ang bayaning doktor. Isang bangka ang tatabunan nila ng damo at kunwa ay ilalapit sa nakadaong na bapor **España**. Mula sa bangkang ito'y palihim na sasalta sa bapor ang ilang katipunero upang kunin nga si Rizal. Ito ang ipinabatid ni Masangkay kina Bernardo at Resurreccion.

Nguni't ang balak na yaon ay hindi natupad. Isang lantsa, ang **Caridad**, ang idinagdag pa bilang tanod kay Dr. Rizal. Hindi nababatid ng mga isinugo ni Bonifacio na ang pinakapuno ng **Caridad** ay si Marcelo de los Santos na isa ring kasapi ng lihim na kilusan at ang mga tauhan ay pawang nakabalatkayo.

Nagbalik ang bangka sa isang dako ng baybay-dagat. Dito'y dinatnan na nila si Bonifacio na naghihintay sa naging bunga ng kanilang misyon. Malungkot na tinanggap ni Bonifacio ang kabiguan ng balak na yaon.

Hindi nag-aksaya ng panahon ang pangkat at noon din ay nagtungo sila sa kanilang himpilang nasa isang bahay sa panulukan ng Magdalena at Azcarraga. Sa himpilang yaon ay muling bumuo ng isa pang hakbang sina Bonifacio, Jacinto, Masangkay, Bernardo, Resurreccion at ilang matatapat na kaanib sa lihim na kilusan upang makuha si Dr. Rizal mula sa kanyang mga tanod.

Nabatid ni Bonifacio sa isa nilang lihim na tiktik, si Julio Navarro, na ang kanilang lihim na kilusan ay di na isang lihim para sa mga taong nasa pamahalaan. Sinabi ni Navarro na ito'y napag-alaman niya sa pag-uusap ng gobernador-heneral at ni Padre Mariano Gil.

Ikinagimbal ni Bonifacio ang tinuran ni Navarro at itinanong niya kung paanong nahayag ang kanilang kilusan. Sinabi ni Navarro na isang kapatid na babae ng isa nilang kasapi ang nagbunyag ng lahat. Iyon ay ang kapatid ni Teodoro Patino na nag-aaral sa kolehiyo ng mga madre sa Mandaluyong. Naganap ang pagbubunyag nang ipagtapat ng kapatid ni Patino ang pagkakatatag ng lihim na kilusan sa madre superyora ng kolehiyo. Ito naman ay pinagsabihan ng madre na ipagtapat ang lahat kay Padre Mariano Gil na noon ay siyang kura-paroko sa simbahan ng Tundo. At si Padre Mariano Gil naman ay siyang naghayag ng lahat kay Gobernador-heneral Ramon Blanco bilang pinakamataas na pinuno ng bansang Espanya sa Pilipinas.

Pagkatapos nito, patuloy na pagsasalaysay ni Navarro ay agad na nag-utos ang gobernador-heneral sa kanyang mga tauhan ng ganap na salakayin ang palimbagan ng "Diario de Manila" na isang pangunahing pahayagan ng mga panahong yaon. Si Patino na naglilingkod sa palimbagan at ang ilan sa kanyang mga kasamahan ay pinagdadakip ng mga guwardiya-sibil. Sa pagsisiyasat ay natuklasan ang ilang mahalagang kasulatan na may kinalaman sa lihim na kilusan na doon nililimbag.

Ipinaliwanag pa ni Navarro na maaaring sa mga sandaling yaon ay puspusan nang kumi-

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY
Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang limbagan: PSF Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad at katulong sa Anunsiyo
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON:
Tatlong buwan . . . ₱3.00  Anim na buwan . . . ₱6.00
Isang taon . . . ₱12.00
Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa

# SI RAFAEL YABUT, NASIRA ANG TUKTOK!

Masama ang nangyari!

Ang magaling na lalaking nagngangalang Rafael Yabut, na dati'y mayroon din namang tagahanga dahil sa **pagbobodabil** sa radyo, ay kinasusuyaan ngayon ng lahat! Ipinandudura! Pinagtatawanan! Kinukutya-kutya!

Bakit?

Sapagka't... anang isa: — Sira pala ang tuktok ng taong yan!

Anang isa naman: —Keinam magsalita, pero kabilanin at makapal ang mukha!

Ang sabi naman ng isa: — Ang taong madaldal, siya nga namang traydor at **mababaw!**

Kung bakit nagkaganyan ang mga tao sa magaling na lalaking ito?

Alam na ng lahat. Pero lalo nating lilinawin. At wala kaming nais ipagtanggol, o pagandahin, ni pasamain sa mga kandidatong makakadawit sa usaping ito. Ibig lamang naming ipamukha sa magaling daw na lalaki kung anong klaseng tao siya, na ngayo'y siya pang may bibig na manira sa kapuwa sa hangad na pagandahin ang mukhang kabilanin.

Ibig sana naming maging pino sa pagsasalita. Ayaw naming magpakagaspang. Pero mayroon tayong kawikaan: **Pakitunguhan mo ang isang tao ayon na rin sa kanyang pagkatao.** Maliwanag ang ibig sabihin. Kaya ipagpaumanhin na ng mga mambabasa kung gumamit man kami ng may-kagaspangang mga pangungusap.

---

Narinig naming ngakngak nang ngakngak ang magaling na lalaking ito na may ugaling kilala na ng lahat: mapamuri sa kanya na ring sarili. Mangiyak-ngiyak pa kunwa ang himig ng pagsasalita. De pabanggit-banggit pa sa ngalan ng Diyos para palitawing siya'y mabuting kristiyano at nang matangay nga naman ang simpatiya ng mga nakikinig. Siya raw ay naging biktima ng mga taong doble-kara. Siya raw ay inaapi at inuusig ng kapuwa tulad ng ginawa kay Kristo. (At sa kahanginan ay ipinaris pa ang kanyang sarili sa Anak ng Diyos! Talagang malaki na ang... Phue!) Marami... maraming-maraming sinasabi na pawang kabaligtaran ng katotohanan at mga pangyayari. Sa hangad na magmalinis at "maghugas ng kamay" sa ginawang napakalaking kahihiyan ay sarisaring salita ang inimbento. Kung anu-anong kabulaanan ang ibinorodkast. Idinawit pa ang pangalan ng ilang marangal na taong wala namang kibo at nagsisipanahimik. At pati na ang kalayaan ng peryodismo ay dinuhdot at minasama upang huwag lamang mabisto ang kanyang pagdadalawang-mukha.

Por-Diyos... por-santo! Ano ang nangyari sa taong ito?

Pero diyan siya nakagawa ng napakagrabeng pagkakamali... nang hamakin niya ang kalayaan ng peryodismo at kutyain ang mga peryodista! Diyan siya dumampot ng batong ipinukpok niya sa kanya na ring sariling ulo!

Darating diyan ang usapan. Mahaba ang usaping ito at ngayo'y nagsisimula pa lamang. Kung sabagay, sino na nga ba ang mga peryodista lamang sa isang magaling na lalaking nagngangalang Rafael Yabut? Pero, tingnan natin...

Ang unang puntong dapat liwanagin sa usaping ito ay kung tutoong nasira nga ang tuktuk (o ulo, sa lalong maliwanag na salita) nitong si Mang Rafael Yabut. Para sa amin, hindi lamang nasira kundi natanggal pa sa katawan at nawala... at ewan kung saan lumipad!

Tingnan natin...

Alam na ng marami na ang magaling na lalaking ito ay isa sa mga nagtulak kay Manuel P. Manahan upang kumandidato sa pagka-Presidente. Sa loob ng kung ilang buwan, siya pa ang naging pangunahing masugid na tagakampanya ni Manahan sa himpapawid, sa sarili niyang pagkukusa at walang nag-uutos. Aniya, noon: Si Manahan ang lalong karapatdapat maging Presidente ng Pilipinas... Si Manahan ang higit na may kakayahang mamuno sa ating bansa... Si Manahan ang maaasahang tagapagligtas ng bayan sa panahong ito ng panganib at kagipitan... si Manahan ang lalong subok na sa katapatan at kakayahan sa paglilingkod sa bayan... Si Manahan ang lahat... ang ginto... ang bayani... ang bagong "kampeon ng mahihirap". Ang tutoo, kung minsa'y sobra pa ang "pagbuhat" ng magaling na lalaking ito sa taong nais niyang maging Presidente. At noon, paulit-ulit na tinuligsa niya ang Partido Liberal at Partido Nasyonalista. Inatake niya nang katakut-takot at ibinunyag ang baho at mga kabulukan. Ipinamukha niya sa bayan ang kasamaan ng mga pinuno ng dalawang partido, laluna ang mga Liberal, na ayon na rin sa kanya'y "hindi na muling makapanlilinlang sa bayan."

Walang anu-ano, nang magkumbensiyon ang mga Liberal

(Sundan sa pahina 17)


## Isang Kaugaliang Pilipino...



"HUEGO DE ANILLO"

Ang larong ito ay nakaugalian nang idaos sa mga kapistahan sa Laguna. Ang mga kalalakihang nakababata ay sumasakay sa kabayo o bisikleta na may dalang tinulisang patpat na pinalamutian ng makukulay na laso sa dulo nito. Sila'y humahanay sa isang linya at sa hudyat ng reperi ay nagkakarerang patungo sa pising kinatatalian ng mga singsing sa daan. Ang bawa't isa'y ganap na nagsusumikap na maisulot ang kanyang patpat sa singsing. Ang makakuha ng pinakamaraming singsing ay siyang magwawagi sa laro at magkakamit ng gantimpala mula sa reyna ng pista.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng —

**GINEBRA SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*




Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa mga nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:00-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**



Ito ang kauna-unahang pulong ng Gabinete sa pangasiwaan ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay. Nagigitna ng Kalihim Jaime Hernandez ng Pananalapi at naging Kalihim Vicente Orosa ng mga Gawaing-Bayan, makikita si RM sa kaliwang hanay. Dumalo rin ang mga pangalawang kalihim ng mga kagawaran at ang naging tagapangulo ng PCAC, si Manuel P. Manahan, (nasa kabisera ng hapag).

Sa mga bakas ni Magsaysay

# SAGISAG ANG PANGALAN

ni CARLOS C. MARCELO

BUKANG-BIBIG ngayon ng balana sa larangan ng pulitika ang pangalan ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay. Parang agimat na ginagamit ng mga pulitiko ang **Magsaysay** sa hangad na matamo ang pagtitiwala ng mga mamamayan, panabon **palibhasa ng halalan**.

Bakit kinakasangkapan ng mga pultikio ang pangalan ng "Idolo ng Bayan"?

Sapagka't sa mahigit na tatlong taong pag-ugit ni RM sa daong ng pamahalaan ay napatunayan niyang karapat-dapat siya sa pagtupad ng tungkulin. Nagpamalas siya ng matapat na pagmamalasakit sa kapakanan ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng masikhay na paggawa... pagsugpo sa mga katiwalian sa pagtatadhana ng mataas na pamantayan sa paglilingkod ng mga pinuno, at pag-alagata sa suliranin ng mahihirap sa pagbibigay ng mga kaluwagang pangkabuhayan.

Maging ang mga pulitikong kalaban ni RM ay hayagang pumupuri ngayon sa nakaraang Pangasiwaan. Itinatampok ang limang taong palatuntunan ng pamahalaan sa pagpapaunlad sa mga nayon; ang pagbubukas ng mga purok pamahayan; ang pagsugpo sa kilusan ng mga mapanligalig, ang tuwirang pakikitungo sa "karaniwang tao".

Isa sa mga unang hakbang na ginawa ni RM nang mahalal na Pangulo noong 1953 ang paglilinis sa pamahalaan. Ipinasiyasat niya ang mga pinunong isinumbong na kasangkot sa mga katiwalian. At ibinunsod niya ang kapuri-puring patakaran; na, ang mga pinuno at kawani'y dapat maglingkod sa madla nang buong makakaya.

Sa pulong ng Gabinete noong Marso, 1954 ay iniharap ni RM ang suliranin ng mga pinuno at kawaning nagpapabaya o nagwawalang-bahala sa pagtupad ng tungkulin. Binanggit niya ang isang panlalawigang inhinyero na madalas magtungo sa Maynila upang mag-aral ng sayaw na mambo.

"Kung ilang oras na sayaw siya nang sayaw, kaya dahil sa pagod, pagbabalik sa destino ay walang magawa," ani RM.

Subali't kung paanong galit sa mapagpabaya, gayon din ang pagmamahal ni RM sa mga pinunong matapat sa paglilingkod. Pinairal niya ang katarungan sa pamamahala sa kanyang mga katulong. Halimbawa, iniutos niyang ibalik sa tungkulin ang lahat ng pinunong itiniwalag sa pagpapalit ng administrasyon noong 1954.


Sa utos ng Korte Suprema ay ibinalik ni RM sa tungkulin sa pamamagitan ng kautusang pampanguluhan sina Alkalde Antonio G. Pace ng Hagonoy, Dabaw at Alkalde Vicente R. Santos ng Balingoan, Misamis Oryental. Ibinalik din ni RM sa tungkulin, bagaman hindi nakarating ang usapin sa Kataastaasang Hukuman, ang ilang pinunong-bayan sa Sambuwangga del Norte, Kotabato at Surigaw.

Sapagka't nanalig si RM sa "sa demokrasya, ang taguring lider ay hindi isang bagay na hinihingi o kinakamkam... ito, upang magkaroon ng kahulugan, ay dapat ibigay ng sambayanan sa isang tao, salig sa mga katunayang mayroon siya ng mga katangiang makapagtataguyod ng kapakipakinabang at mabuting liderato."

Nang magtalumpati sa pagtatapos ng mga mag-aaral sa Pamantasan ng Pilipinas noong Abril, 1955 ay ipinaliwanag ni RM, bilang Punong-Tagapagpaganap, ang kanyang paniniwala sa mabuting liderato — ang kanyang sukatan sa paglilingkod sa bayan.

"Inaakala kong mahalaga ring tandaan na ang taguring lider ay hindi makatwirang ituring na karangalan lamang na naisusuot na tulad ng medalya, o naikukuwadrong gaya ng larawan. Tutoong ito'y isang karangalan, isang dakilang karangalan, sapagka't nagpapahayag ng pagtitiwala at paggalang ng mga mamamayan sa kapuwa. Nguni't higit sa lahat, ito'y nag-aatang ng isang mabigat na pananagutan sa tao upang maging karapat-depat sa taguring lider."

*(Sundan sa pahina 17)*









*Ang mga kumot, tuwalya, punda ng unan, kasuotan ng mga pasyete at iba pang kagamitan ay dito na tinatahi sa pagamutan.*


*Dalawang malalaking gusali ang kasalukuyang ipinatatayo ng pamahalaan sa karatig ng ospital upang matugunan ang pangangailangan ng maraming pasyenteng nangangailangan ng tulong.*



# ANG "MATERNITY AND CHILDREN'S HOSPITAL"



*Ang lahat ng kagamitan at kailangan ng mga pasyente sa ospital na ito ay laging nakahanda sa lahat ng sandali, katulad ng balut-balot na pinakulong kagamitan para sa pagpapaanak na dadamputin na lamang sa oras na kailanganin.*



*Maayos na iniingatan ng ospital ang lahat ng mga ulat ukol sa kanilang mga pasyente upang madaling kunin kung hingin ng pangangailangan.*



*Ito ang kusina ng ospital. Dito niluluto ang pagkain ng mga maysakit at ng mga nagsisipaglingkod sa pagamutan.*




HINDI katulad noong mga nakaraang panahon, sa kasalukuyan ay hindi na isang suliranin ang pagsisilang ng sanggol. Kahit na sa biglaan at malulubhang kaso sa panganganak, may mga ospital na karakarakang matatakbuhan...


Isa sa mga pagamutang maaasahan ng lahat sa sandali ng pangangailangan ay ang Maternity and Children's Hospital. Malaki ang nagagampanang tungkulin ng ospital na ito sa paglilingkod sa bayan. Dahil sa mabuting paglilingkod ng pagamutang ito, araw-araw ay dumaragsa ang mga pasyente buhat sa kung-saan-saang dako.

Pinamamatnugutan ni Dra. Fe Horilleno, ang Maternity and Children's Hospital ay isang huwaran ng ibang pagamutang pangmadla.

((Ang nasa pabalat ay isang nars ng ospital, si Gng. Edelisa de la Paz, na nakunan ng larawan samantalang pinagyayaman ang isang sanggol na kasisilang.;




*Masusing sinusuri ng isang doktora ang isang batang may sakit upang matiyak ang tunay na karamdaman at nang malapatan ng karampatang lunas.*




*Bago tanggapin sa pagamutang ito ang sinumang nagdadalang-tao ay ginagawan muna ng pangkalahatang pagsusuri, at ang isa ay ang pagkuha ng grado ng dugo.*

*Tinitiyak muna ng mga pinuno at tauhan ng pagamutan na mabuti ang kalagayan ng ina at ng sanggol bago tulutang lumabas ng ospital.*







*Ito ang silid-paanakan o delivery room ng ospital. Ganito ang karaniwang tanawin sa silid na ito sapagka't daan-daang bata ang isinisilang dito araw-araw.*




*Maraming tao ang naghahandog ng tulong sa pagamutang ito sa pamamagitan ng pag-aabuloy ng sarili nilang dugo.*



## *KAPENG MAY YELO (ICED COFFEE)*

Ang nakalarawan ay ang tinatawag na *ice coffee*, isang makabagong paraan ng paghahanda ng mga inuming binubuo ng kape at yelo. Ito'y idinudulot na may kasamang gatas at asukal, magkaminsa'y pinalulutangan ng krema sa ibabaw.

Dalawang uri ng paghahanda ng *ice coffee:*

A. *Quick double-strength...*


Maglagay ng anim na basong mainit na tubig sa isang pitsel.
Timplahan ng anim na kutsaritang pulbos ng kape. Kanawin at pagkaraa'y hati-hatiin sa ilang basong nalalamnan ng tipak-tipak na yelo.

B. *Coffee ice-cube...*

Magkanaw ng kape sa pitsel (tulad ng ginawa sa itaas) at saka isalin sa *ice tray*. Ipasok sa palamigan at hintaying mabuo. Maaaring sa kahit na anong hulmahan kung walang *ice tray*.

Maghanda ng timpladong kapeng may katamtamang init.
Ilagay ang nais na dami ng *ice cube* sa baso at saka salinan ng kape hanggang sa mapuno ang baso.


# mga pagkain natin



Sa inyong pagbili ng sukang DEL MONTE, kayo'y pinananagutan sa isang dalisay na produkto! Ang sangkap na **acetic acid** ng sukang DEL MONTE ay nilikha mula sa katas ng tubo sa isang **likas** na pamamaraang nasa ilalim ng lakas ng siyensiya. Ito'y **hindi** artipisyal o idinagdag lamang sa suka. Tiyaking ang bibilhin ninyo ay sukang DEL MONTE!

SA MGA PANGUNANG GROSERYA AT TINDAHAN

LIKAS at DALISAY



**Del Monte VINEGAR**
BRAND

## *"DOUBLE-DECK SANDWICH"*

*Mga sangkap:*

18 pirasong tinapay
mantikilya
6 na hiwang keso
9 na hiwa ng kamatis
12 hiwa ng potted meat
letsugas
paminta't asin
mayonesa

*Paraan ng paghahanda:*

Pahiran ng mantikilya ang lahat ng piraso ng tinapay.
Ihanay ang anim na piraso, pagkatapos ay patungin ng tig-iisang hiwa ng keso at 1½ hiwa ng kamatis.
Patungang muli ng tinapay ang nakahanay.
Ilagay naman sa ibabaw ang tiga-tigalawang hiwa ng *potted meat*.
Samahan ng kapirasong dahon ng letsugas.
Budburan ng paminta at asin.
Pahiran ng mayonesa (kung mayroon).
Itakip ang anim na nalalabing piraso ng tinapay.
Hati-hatiin ng pahilis ang tinapay o *sandwich* tulad ng nakalarawan.



# MGA PAMBAHAY


Tatlong tabas ng damit na pambahay ang mapagpaparisan ninyo buhat sa pahinang ito. Sa gawing kaliwa, makikita ang isang maluwang na kasuotang napapalamutihan ng makikitid na *ruffles* at puntas, samantalang sa ibaba, kaliwa ay isa namang maluwang ring pambahay na may mahabang manggas at *baby collar*. Isa namang bulaklakang *housecoat* na mahaba ang nasa kanan, may malalaking bulsa at malapad na kuwelyong tinahian ng *piping* sa gilid. Pawang maginhawang isuot sa bahay pagka't nagiging maaliwalas ang inyong pagkilos.





# "Mga Jeans"







"Checkered", guhitan at lisong mga blusa ang ginamit na pang-itaas sa maikli at mahabang *jeans* (*toreador jeans and pants*, sa wikang Ingles) na makikitang nangakalarawan. Ang ganitong mga kasuotan ay naaangkop na gamitin sa pagsama sa mga kasayahang tulad ng piknik, iskursiyon, pagliliwaliw at maging sa pagtigil ninyo sa tahanan.

pakikipanayam (daw)
ni MARIO NIEVES

# "PAG AKO'Y NAHALAL, PALALAKIHAN KO ANG PILIPINAS"

LUMABAS NG BULWAGAN si Senador Tikyo. Marami siyang kasunod sa kanyang likuran. Ang iba'y naghihikab; ang ila'y nagpipilit umakbay; ang karamiha'y naghihimas ng kanilang mga tiyan.

May nakatitik sa harap ng pintuan ng bulwagan: "**₱80.00-a-plate-dinner.**" Ibig sabihin, ang pagkain ng lahat ng kasama ni Senador Tikyo ay umabot sa libu-libong piso. Ibig pa ring sabihin, totohanan na ang pagkampanya ni Senador Tikyo. At saka... talagang maraming panggastos si Senador Tikyo.


Lahat ng sumusunod kay Senador Tikyo ay nagtatangkang makatapik sa kanyang balikat. Pinatutunayan iyon ng halos pagtutulakan ng kanyang mga tagapagtaguyod. 'Ika nga, mga **camping** manedyer.

Ngayon lang naging bulang-gugo sa pera si Senador Tikyo. Dati'y kinukuwenta niya bawa't sentimong lumabas sa kanyang bulsa.

Maraming nakapagtanong: "Bakit kaya nagkagano'n si Senador Tikyo...? Nakasisiguro kaya siya? ...Mayroon kaya siyang **pambomba** sa kanyang mga kalaban?"

Naito ang kanyang mga sagot nang siya'y aming kapanayamin:

**T. Ano ba ang inyong isyu sa darating na halalan, Senador?**
S. Isang-isa lamang. Wala nang iba.
**T. Bago nga po pala tayo magpatuloy, anong puwesto po ba ang hinahabol ninyo?**
S. Huwag mong sabihing hinahabol. Hindi ako naghahabol.
**T. Bakit po, Senador?**
S. Sapagka't pa**easy-easy** na lamang ako.
**T. Paisi-isi?**
S. Oo, paisi-isi ako sa pagkandidato sa pagka-presidente.
**T. Pagka-presidente, e, paisi-isi, Senador?**
S. Sapagka't meron akong isyu na tatalo sa lahat ng aking mga kalaban.
**T. Iyan, iyan ang itinatanong ko. Ano po ang isyu ninyo?**
S. Heto: PAG AKO'Y NAHALAL, PALALAKIHAN KO ANG PILIPINAS!
**T. Pilipinas... palalakihan ninyo?**
S. Walang imposible ngayong panahon ng atomo.
**T. Bakit po naman ninyo naisipang palakihan ang Pilipinas?**
S. Hindi mo ba nakikita... masikip na masikip na tayo? Tingnan mo na lamang: Maraming walang trabaho pagka't walang mapagtrabahuhan. Pag lumaki na ang Pilipinas, magpapatayo ako ng mga pagawaan, kaya lahat ng Pilipino ay may mapapasukang gawain.
**T. Ayon sa sensus, marami tayong nakatiwangwang na lupa, hindi po ba?**
S. Marami kung sa marami. Nguni't ayaw doon ng mga Pilipino. Gusto nila'y sa mga upisina.
**T. Saan kayo kukuha ng mga upisina, Senador?**
S. Magpapagawa ako ng maraming upisina.
**T. Akala ko po'y mga pagawaan ang aasikasuhin ninyo?**
S. Tama, mga pagawaan ng upisina.
**T. Sa maikling salita, ang mga walang hanapbuhay ang tatangkilikin ninyo?**
S. Hindi lamang sila. Aasikasuhin ko rin ang moral ng lahat ng Pilipino.
**T. Sa anong paraan, Senador?**
S. Pag malaki na ang Pilipinas, ang lahat ng bagay ay malalagay sa dapat nilang kalagyan.
**T. Ano po ang ibig ninyong sabihin?**
S. May lugar ng mga pabrika, may lugar ng mga tindahan, may lugar ng mga panaderya, may lugar ng mga palengke, may lugar ng mga **simbahan**, may lugar ng mga disenteng sine, may lugar ng mga sine ng burlesk.
**T. Paano po ninyo naisip ang mga balak na iyan?**
S. Nagbigay-mungkahi sa akin ang nakikita kong magkalapit na simbahan at sine ng burlesk.
**T. Magandang mga balak, Senador! Paano po naman ang mga pulubi?**
S. Hindi ko sila makakalimutan. Bahagi sila ng bayang paglilingkuran ko.
**T. Ano ang gagawin ninyo para sa kanila, Senador?**
S. Maglalaan ako ng isang lugar para sa kanila. **Air-Conditioned** pa. Sa gayo'y hindi na sila hahamakin ng ating mga kabalat.
**T. Marahil, higit ang ipamamalas ninyo sa mga salanta nating mga kababayan, ano po?**
S. Ang mga salanta nga pala... at saka, ang mga maysakit. Diyes porsiyento ng Pilipinas ang ilalaan ko para sa mga ospital.
**T. Diyes porsiyento! Ikasampung bahagi, Senador?**
S. Hindi ka nagkariringgan. Sawang-sawa na ako sa nakikita kong pagsisiksikan sa mga ospital. Pati mga entresuwelo, e okupado ng mga pasyente. Sa halip na gumaling ang mga pobre, e, lalo tuloy nagkakasakit. Humihina rin tuloy ang ating pagkabansa.
**T. Maraming nangangako, Senador, na patatahimikin nila ang bansa. Na, ililigpit nila ang mga mapanligalig. Magagawa ba ninyo iyan?**
S. Nasa plano ko na rin iyan. At dito sa Pilipinas ay magiging tahimik na tahimik.
**T. Mangangako ba kayo na lahat sila ay bibigyan ninyo ng mga lupain upang kanilang sakahin?**
S. Hindi ko gagawin iyan. Alam kong hindi lahat sila ay masisipag magsigawa.
**T. E, ano po ang solusyon ninyo riyan?**
S. Isang bahagi ng Pilipinas ay ilalaan ko para sa kanila. Sa bahaging iyon ay magpapalagay ako ng mga bagay na makukulimbat. Doon ko gaganyakin ang mga mapanligalig. At, sapagka't marami na silang makukulimbat doon, hindi na sila gagawa ng gulo sa ibang lugar. Magiging tahimik na ang Pilipinas.
**T. Kahanga-hanga ang mga plano ninyo, Senador. Pihong may tulog ang mga kalaban ninyo sa pulitika, ano po?**
S. Nasisiguro ko. At, upang makatiyak pa, kahit na napakamamahal ng pagkain ng damuhong mga tagakampanya ko, e, binusog ko rin sila. Hindi ako gagastos nang walang kapararakan!
**T. Kung gayon po'y maaari ko na kayong batiin ngayon pa, ano po, Senador?**
S. Kung binabati mo na ako'y huwag Senador ang itawag mo sa akin... kundi Presidente... Presidente Tikyo.
**T. Di magpapaalam na ako sa inyo, Presidente?**
S. Kung natitiyak mong wala ka nang itatanong pa.
**T. Naku, siyanga po pala. Isang-isa na lamang, Presidente: Paano po ninyo mapalalakihan ang Pilipinas?**
S. Huwag na muna nating pag-usapan iyan, iho. Panahon pa lamang ng kampanya. At saka na... pag nahalal na ako, pag sigurado na ako sa puwesto. Pero ipinangangako kong palalakihan ko ang Pilipinas.
**T. Talagang kandidato kayo, ano po?**
S. Talaga naman, a. Kandidato ako... kandidato ...kandidato... kaya ako... nangagako...!



Pangkabataan

# "ITO ANG AKING AKDA"

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at . . . abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space).

Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nasa ibaba. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon, alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.

Ipadala ang inyong akda sa: Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA", Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

## ANG BETERANO



GUTOM na gutom na ako. Nanlilimahid na ang aking punit-punit na damit. Ang mahaba at gusot kong buhok ay matagal nang hindi nasasayaran ng suklay. Ang aking kaanyuan ay ganap na larawan ng isang pinagtampuhan na ng kapalaran. Ako'y nanghihina na... nguni't kinakailangan kong magpatuloy ng paglakad, kinakailangan kong magpalimos ng kahit na kapirasong tinapay upang ako'y mabuhay.

Ang bawa't taong malapitan ko ay nag-uukol sa akin ng mga mapanlibak na tingin. Ang iba, pag nakita ang aking ayos at kaanyuan, ay agad nang nagsisiurong na tila ba nandidiring ako'y makaharap. Ang mga ina, pag nakita na akong dumarating ay ginagawa akong panakot sa kanilang nagsisiiyak na mga anak. Ang lahat nang ito ay parang balaraw na tumitimo sa aking puso. Nguni't ano ang aking magagawa? Ito'y atas sa akin ng kapalaran, at walang nararapat sa akin kundi ang magtiis.

Tanda ko pa noon. Parang kakahapon lamang. Ako'y napaliligiran ng mga lalaking kung aking tagurian ay mga tunay na kaibigan. Sila ang parang lintang sumipsip ng aking kayamanang minana ko pa sa aking mga magulang. Naging bulang-gugo ako sa paggasta. Hindi ko inaalintana ang ano mang gastusin dahil sa limpak-limpak na salapi ang ipinapanhik ng aking mga paupahang bahay.

Dumating ang digmaan. Ako'y isa sa libu-libung mga lalaki na naghandog ng paglilingkod para sa inang-bayan. Naging tila tigre ako sa pakikihamok. Nang sumuko ang Bataan ay isa ako sa mga namundok. Kinatatakutan ng mga hapones ang aking sagisag. Agad na silang nagsisipagtago pag narinig nilang dumarating si Makiling. Parang wala akong kamatayan sa pakikihamok.

Nang dumating ang kapayapaan ay isa ako sa sinabitan ng medalya ng karangalan. Nguni't ito bagang medalyang ito ay sapat na ipampalit man lamang ng kahit isang salop na bigas na maipang-aagdong-buhay ko sa loob ng ilang araw?

At ngayon ay wala ako kahit na isang kusing sa aking lukbutan. Ang aking paupahang mga bahay ay nangasunog na lahat nang magsiurong ang mga Hapones. Wala isa mang tumanggap ng aking paglilingkod dahil sa nakatatakot kong kaanyuan na putol ang kanang kamay at may malalalim na pilat sa mukha. At naririto ako ngayon — nagpapalimos upang mabuhay.

Ngayon ay umuugong na naman ang ikatlong digmaang pandaigdig. At kung dumating ang gulo sa ating bayan, ako na pinandidirihan ng lahat, ako na kinukutya ng lahat, ako na hinahamak ng lahat... ay nahahandang muling magpakasakit at ibigay pa ang isa kong bisig para sa kalayaan ng ating bayan — ako, ang kaawa-awang BETERANO! (X)

—BENJAMIN S. TELLEZ
243 Miguelin,
Sampalok, Maynila

## MAY AWA ANG DIYOS...

MARSO, buwan ng kaligayahan sa lahat ng mangagsisipagtapos sa mga paaralan, pagkatapos ng mahabang panahong pagsusumikap. Nguni, para kay Remigio, ito'y isang malungkot na buwan sapagka't sa buwang ito ng kanyang pagtatapos ay nararatay sa banig ng karamdaman ang kanyang ina.

—Anak, saan mo ba kukunin ang isusuot mo sa iyong pagtatapos? Wala na tayong salapi. Halos lahat ng ari-arian natin ay naipagbili na sa pagpapagamot sa akin, —minsa'y nasabi ni Aling Nora sa kanyang anak na kasabay ng pagpatak ng luha.

—Magtitiis na po ako sa aking lumang damit inay, — ang sagot ni Remigio na may luha rin sa mata habang patuloy na hinahagod ang likod ng maysakit na ina.

Habang unti-unting nalalapit ang araw ng pagtatapos ni Remigio'y lalo namang lumulubha ang sakit ng kanyang ina. Hindi na makatulog si Aling Nora. Hinihintay na lamang wari ang araw upang kunin ng Maykapal. Hindi na maipagamot dahil sa kawalan ng salapi. Madalas na luha na lamang ang tumutulo sa mga mata ng maysakit sa pag-aalaala sa maiiwang kaisa-isang



anak.

—Huwag kayong umiyak, Inay, at gagaling din kayo sa awa ng Diyos, —ang mga pangungusap na malimit na ipang-aliw ni Remigio sa kanyang ina kung ito'y nakikita niyang lumuluha.

Sumapit ang ika-25 ng Marso, araw ng pagtatapos ni Remigio. Masaya rin siya sa araw na iyon dahil sa makikita pa ng kanyang ina ang kanyang "diploma". Si Aling Nora nama'y gayundin. Sa kabila ng kanyang kalagayan ay naliligayahan na rin siya.

Tinugtog ng orasan ang ika-4 ng hapon. Sa lahat nang magsisipagtapos ay si Remigio lamang ang di lubos na maligaya sapagka't tanging siya lamang ang magtatapos na luma ang kasuotan at walang sasaksi sa pagtanggap ng diploma. Habang sinisimulan ang palatuntunan ay inip na inip siya. Gusto niyang matanggap na ang sagisag ng pagtatapos upang makauwi na ng bahay.

Sa di-kawasa'y natapos ang palatuntunan. Mabilis niyang nilisan ang paaralan at patakbong umuwi. Parang hindi sumasayad sa daan ang kanyang paa sa tulin ng kanyang pagtakbo.

Nguni't lumakas ang kanyang kaba nang matanaw niyang maraming tao sa kanilang tahanan. Sinakmal siya ng nakagigimbal na hinala!

Nakapanhik na siya at nasa tabi na ng minamahal na ina nang muli siyang makahingahinga nang maluwag. Katumbalikan ng kanyang inakala ang katotohanang tumambad sa kanyang paningin.

Naroon si Aling Nora at nakangiti. Sa tabi ng kanyang ina ay nakatayong nakangiti rin si Dr. Roman, isang naging kapitbahay nila noong araw na ngayo'y isa nang manggagamot.

—Nanggaling ako sa ibang bansa, Remigio, at ngayong dumating ako sa sariling bayan ay kayo ang isa sa mga una kong dinalaw, —anang manggagamot.

Matamang nakikinig si Remigio.

—Ang pinagdalubhasaan ko ay ang sakit na tulad ng karamdaman ni Aling Nora, — patuloy ni Dr. Roman. —Sa ginawa kong pagsusuri sa kanila ay natitiyak kong sila'y mapagagaling ko pa. Salamat at dumating ako sa takdang panahon...

Sa katuwaan ay napisil ni Remigio ang palad ng manggagamot. Pagkatapos ay mahigpit na niyakap ang kanyang ina, na sa awa ng Diyos ay maaari pa niyang pagsilbihan at paligayahin sa mga huling araw ng nalalabi pang buhay...

—ROSENDO H. HUELGAS
18 taong gulang
Rizal College
Taal, Batangas

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..........................................................

..........................................................................

Pangalan ..............................................................

........................................ Edad: ..........

Tirahan o paaralan: ..............................................

..........................................................................

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

## Mapipilitang Magbalik Si Dora Sa Bahay Ni Maria Luisa Dahil Sa Mapilit Na Kahilingan Ni Diana

**BAKAS NG NAKARAAN**

**Nagkagalit ang magkasintahang Maria Luisa at Rafael nang ampunin ng binata ang napulot na batang si Tinoy. Tumutol si Maria Luisa. Sa pamamagitan ni Tinoy ay nakilala ni Rafael si Dora, isang mahirap na dalagang tapos ng Normal, nguni't walang makitang trabaho. Naipasok ni Rafael si Dora na maging tagapag-alaga ng pilay na batang si Diana, anak ni Susana, na kapatid-kapatiran ni Maria Luisa. Ang gayon ay di minabuti ni Maria Luisa kaya pinaalis niya sa kanyang tahanan. Nguni't ipinasiya ni Susana na muling sunduin si Dora.**

---

**(Ika-16 na Labas)**

HINDI nakakibo si Rafael, nguni't lihim na nagalak ang kanyang kalooban. Talastas niyang kailangang-kailangan ni Dora ang trabahong iyon—ang isang daan at limampung pisong sinasahod sa pagiging tagapag-alaga ni Diana ay napakalaking bagay para sa kabuhayan ng mag-anak nina Dora.

Hindi na nag-usisa pa si Rafael ng kahit ano kay Susana. Ayaw na niyang ungkatin pa sa ina ni Diana ang talagang nangyari sa pagpapaalis ni Maria Luisa kay Dora. Hindi rin niya ibig na mapag-usapan pa nila ni Susana ang ano mang bagay tungkol kay Maria Luisa.

—Magbibihis lamang ako sandali at sasamahan ko kayong mag-ina kina Dora, —wika ni Rafael.

Nang makapagbihis na si Rafael ay lumakad na silang tatlo. Habang tumatakbo ang auto ay wala silang napag-uusapan kundi si Diana na napabuhos na mabuti ang kalooban sa pagmamahal kay Dora. Pinupuri ni Susana ang kabaitan ni Dora na marunong makibagay sa ugali ng isang bata. Sinabi pa ni Susana na sa marami nang naging tagapag-alaga ni Diana ay walang nakasundo ang pilay na bata kundi si Dora.

Nahalata rin ni Rafael na iniiwasan din ni Susana na mapag-usapan nila si Maria Luisa. Marahil ay iniingatan nito na makapagsalita ng ano mang nalalaban sa itinuturing na kapatid.

Sumapit sila sa Tundo. Ipinahinto ni Rafael ang auto sa harapat ng tindahan sa panulukan ng eskinitang patungo sa pook nina Dora. Napatigil ang mga batang naglalaro sa tabi ng tindahan at nangapatingin kina Rafael. Kilalang-kilala na sa pook na iyon si Rafael, nguni't ang nakatawag ng pansin sa mga iyon ay ang mag-ina ni Susana at Diana. Lalo na nang bumaba sa auto si Diana at makita ntlang pilay ito.

Kinarga ni Rafael si Diana. 'Ang eskinita kahit gayong tuyo ang lupa, pagka't tag-araw, ay mahirap lakaran dahil sa mga batong tuntungan. Nakikita ni Rafael na si Susana ay naging maingat na maingat sa paglakad sa mga batong iyon.

—Hindi ka pa nakapapasok sa ganitong pook, ano? —ani Rafael na sandaling nilingon si Susana.

—Ang iniisip ko ay putikan ito kung tag-ulan, —nakangiting tugon ni Susana. —Marahil ay lalong mahirap na lumakad sa mga batong, iyan kung maputik.

—Sa mga taga-rito ay hindi hirap iyan. Ang kahirapan ay nasa kanilang pamumuhay. Para sa mga taong nahirati sa isang malaking bahay, nasa isang maayos na pook sa tabi ng isang lansangang espaltado... ang pook na ito ay kadiri-diri. Aywan ko kung sasagi rin sa kanilang isip na sa pook na ito ang nangabubuhay ay mga tao rin... nangabubuhay sa gitna ng kanilang kawalang kapalaran.

—Hindi pa nga ako nakapapasok sa isang ganitong pook, —amin ni Susana. —Nguni't maging masahol man dito ang pook na kinaroroonan ni Dora, ay hindi ako mangingiming pumasok upang hanapin siya.

—At nakapagtatakang may mabubuting taong naninirahan sa ganitong pook, —wika ni Rafael. —Nguni't ang karaniwang nakikilala nating mabuti'y sinusukat natin sa anyo lamang. Magmula nang ako'y napaparito ay hindi pa ako nakatatagpo ng taong dapat na pangilagan.

—Dito rin ba naninirahan 'yong sinasabing batang si Tinoy na napulot mo raw at ibig mong ampunin?

—Oo, dito nga... sa silong nina Dora siya nakatira. At si Tinoy ay isang mabait na bata...

Sumapit sila sa pook na kinaroroonan ng lumang bahay na pawid nina Dora. Sa isang katulad ni Susana na hindi hirati sa pook na ganoon, ay sumigid sa kanyang ilong ang amoy-pusali. Nakita niya ang maruruming pusalian sa silong ng pangit na mga bahay.

—Iyon ang bahay nina Dora, —wika ni Rafael sabay turo sa bahay.

Mula sa silong ng bahay ay sumulpot si Tinoy at sa katuwaan ng bata'y pasigaw na sinabi.

—Eto si Mang Rafael... may kasama siya... may kasama siya! —at tumakbo na si Tinoy sa pagsalubong.

Ibinaba ni Rafael ang karga pang si Diana. Isinagka ni Diana sa kanyang kilikili ang hawak na muleta upang alalayan ang kanyang pagtayo. Napatingin kay Diana si Tinoy. Alanganin ang kanyang pagkakangiti.

—Siya si Diana, Tinoy, —wika ni Rafael. —Si Diana ang batang inaalagaan ng Aling Dora mo.



—Nasa bahay po ang Aling Dora, —ani Tinoy. —Nananahi po siya. Tena po kayo sa bahay.

Habang nalalapit sila ay naririnig nila ang ugong ng makina sa bahay.

—Aling Dora... Aling Dora, may bisita po kayo, —tawag ni Tinoy na tumapat sa bintana.

Sumungaw si Dora. Nabigla siya nang makita sina Susana at Diana.

—Tita Dora! —nawika ng pilay na bata.

—Diana!

Napatakbo nang panaog si Dora. Buong pananabik na niyakap niya si Diana. Hinagkan niya sa magkabilang pisngi ang bata.

—Diana, natutuwa akong makita kita. Mabuti at naisipan ninyong mga-ina na dumalaw sa akin, —wika ni Dora at nakangiting tiningala si Susana.

—Sinusundo ka namin ng Mama, Tita Dora, —ani Diana.

—Oo nga, Dora, sinusundo ka namin, —sambot ni Susana. —'Yang batang iyan ay hindi mapakali sa amin. Tingnan mo't malaki ang ipinangayayat niyan sa loob ng ilang araw na ikaw ay wala. Ni ayaw kumain, ni ayaw maglaro... walang iniuungot kundi ikaw. Pati ang lolo Alberto niya'y nabalisa tuloy. Inaalaala namin na baka siya magkasakit...

Pinangiliran ng luha si Diana. Hindi sinasadya ay napisil niya nang mahigpit ang hawak na kamay ng bata.

—Tuloy kayo sa itaas, —wika ni Dora.

Pumanhik sila. Kinarga ni Dora ang bata sa pagpanhik sa umuugang hagdang kawayan ng bahay. Pati sina Rafael at Tinoy ay pumanhik din.

—Babalik ka na uli sa amin, ha, Tita Dora? —sabi ni Diana na kalung-kalong ni Dora sa pagkakaupo.

—Ibig ko nga sana, Diana, nguni't...

—Kung ang inaalaala mo'y si Maria Luisa, —tugon ni Susana, ay alam din niyang susunduin ka namin ngayon. Talagang gayon lamang naman ang aking kapatid, pabiglabigla siya. Ako na ang humihingi sa iyo ng paumanhin. Kailangan ka ni Diana.

—Sige na, Tita Dora... bumalik ka na uli sa amin. Nalulungkot ako kung wala ka. Sige na...

—Oo, Diana... ako ma'y nalulungkot din mula nang malayo sa iyo, —ani Dora at masuyong idinaiti ang kanyang pisngi sa ulo ng bata.

Nagalak si Susana sa pagsang-ayon ni Dora. Pati naman si Rafael ay natuwa rin. Ang ikinatutuwa niya'y ang pangyayaring makatutulong kina Dora ang suweldong tatanggapin nito sa pagiging tagapag-alaga ni Diana.

—E, paano... sasama ka na ba sa amin ngayon, Dora? —itinanong ni Susana pagkaraan.

—Huwag na, bukas na... —sagot ni Dora. —May naiisip ako. Ang ibig ko'y ipasyal muna si Diana... isasama ko siya sa tabi ng dagat. Maraming batang naglalaro roon. Matutuwa siyang makapagpasyal doon.

—May dagat ba rito, Tita Dora? —tanong ng bata.

—Oo, may dagat dito sa 'min, —sambot ni Tinoy. —Doon ako madalas na maglaro. Nagtatakbo ako sa buhangin. Ikaw man ay makatatakbo roon...

—Hindi ako makatatakbo, pilay ako e...

Napangagat-labi si Tinoy. Nakalimutan nga pala niyang pilay ang batang babae.

Sina Rafael, Susana at Dora ay nagkatinginan naman. Hindi sila kumibo. Pinabayaan nila ang pag-uusap ng dalawang bata. Nakaramdam si Susana ng pagkahabag sa kanyang anak.

—Marami ka bang kalaro sa tabing dagat? —tanong ni Diana.

—Oo, marami akong kalaro roon. Ikaw siguro'y mas maraming kalaro sa inyo, ano?

Umiling si Diana. —Wala akong kalaro.

—Bakit wala? Wala bang bata roon sa inyong tinitirahan?

—Meron, pero hindi kami naglalaro.

—Bakit?

Napakiling ang uli ni Diana na parang nag-iisip.

—Ewan ko. Nando'n lang sila sa kanila at ako naman

(Sundan sa pahina 24)

NANG makasulit sa pagka-mananggol si Atorni Mendoza ay nagpagawa agad siya ng isang karatulang kinatititikan ng kanyang pangalan. At sabihin pa, palibhasa'y mayaman, ang karatula niyang ipinagawa ay pinakamalaki na yata sa lahat; limang metro ang haba at isang metro naman ang lapad. Ang mga gilid ay pinalagyan niya ng listong kulay ginto at ang letra naman ay yari sa **radio light**.

Sa kabayanan ng Ekis, sa tapat ng pamilihang-bayan, nakatirik ang tahanan ni Atorni Mendoza. Kaya ang unang mapapansin, kapag ikaw ay oumasok sa bayan, lalo na kung gabi, ay ang nagdudumilat na mga titik na nagsasaad ng ganito: ALPAHOL MENDOZA: ABOGADO. NOTARIO PUBLICO.

Humahanga ang mga nakakikita sa karatula ni Atorni Mendoza. Nangingimbulo naman ang kanyang mga ka**kumpanyero**. Tila nga naman kartelon ng kandidato ang kanyang pangalan.

nagkikibit lamang ng balikat at nakangiting magsasalita.

—Padadagdagan ko pa nga ang adorno niyan, e. Iniisip ko lang kung ano pa ang kulang.

At ang nagbabalita ay tatangu-tango nang aalis.

Dahil sa bulung-bulungang kumakalat sa bayan na diumano'y hindi kayang isulit ni Atorni Mendoza ang kanyang karatula ay napilitan ang kanyang amang si Don Ehekutibo Mendoza na humanap ng kliyente para sa kanyang anak.

—Maipambili man lamang ng gasolina para sa kanyang kotse, —aniyon kay Don Calixto Bitangcol na inaama sa kumpil ni Atorni Mendoza.

—Baka po naman, kumpare, maging kahiya-hiya ang aking inaanak, —paalala ni Don Calixto.

—Wala po namang makaalam, kumpare. Ibig ko lamang matulungan ang inyong inaanak at nang hindi naman masyadong menemenos ng mga tagarito.

—Kung gan'on, kumpare, ay humanap tayo ng isang kasong saang bayan ito maliban kay Atorni. Nguni't madaling malaman kung bakit binansagang Guwantes si Bundat. Parating naka-guwantes ito ng kulay-balat at nakasuot ng **jacket** na pang-abiyador. Sa unang tingin pa lamang kay Bundat ay hihinuhain nang ito'y pusakal na magnanakaw kung hindi man isang kriminal. Pandak nguni't may matipunong katawan. Makitid ang noo at malago ang kilay na inadornohan ng mga matang ayon sa isang palapintasin ay parang **ilaw ng jeep**.

Ang habla kay Bundat ay pang-uumit. Lumilitaw na si Bundat ay nang-umit ng alahas sa isang basar na ari naman ni Baldomero Dagulgul. Tatlo ang abogado ni Dagulgul na para-parang katatapos lamang sa pagka-mananggol. At tila ang isa, si Teofilo Talabusab, ay nakakuha pa ng mataas-taas sa **bar**.

Marami ang nagsasabi na baka raw kung matalo sa usapin si Bundat ay mapasok sa bilangguan pati si Abogado Alpahol Mendoza kundi pati na ng kanyang mga ka**kumpanyero**. Nguni't hindi ito pinapansin ni Abogado Alpahol Mendoza. Anya'y makikilala sa huli kung sino ang kaking-itik sa larangan ng pagdedepensa.

Ganito humigit-kumulang ang pasaringan ng magkabilang panig na pinaiinit namang lalo ng mga walang magawa sa bayan ng Ekis. Kaya nang dumating ang araw ng paglilitis ay dumagsa ang maraming tao sa bulwagan ng Hukumang Unang Dulugan ng Lalawigan ng Ekis din. Isa't isa ay ibig makaalam kung ano ang kahihinatnan ng matunog na asuntong iyon.


Malapit nang pasimulan ang usapin. Itinawag na ng eskribano ng hukuman ang bilang ng kaso nguni't wala pa si Abogado Alpahol Mendoza. Ang mga mananggol ng panig ng pag-uusig na sina Teofilo Talabusab, Pampilo Bahakan at Esperidion Gonzales ay naroon nang lahat at sa malas ay handang-handa na. Nakaudalang portpolyo.

Parang pinitpit na luya ang mga nanonood nang pasimulan na ang paglilitis. Tahimik na tahimik ang lahat. Sa unang tindigan pa lamang ay tila nakalalamang na ang panig ng pag-uusig. Magaling nagpaliwanag si Abogado Teofilo Talabusab. Ang mga tao ay nagpapalitan ng makahulugang mga titig. May iiling-iling na bumubulong.

Nguni't parang hindi natitigatig si Abogado Alpahol Mendoza na noo'y panay ang bulong sa katabing nasasakdal, kay Tiburcio Bundat. Abot naman ang tango at ngiti ng huli at panay ang himas sa mga kamay na nasusuotan ng guwantes na kulay-balat. Sa dakong hulihan nila ay kabilang sa mga nakikinig sina Don Ehekutibo at Don Calixto Bitangcol. Walang kibo ang dalawa na parang kinakabahang kung paano.

Nang matapos ang paglalahad ng matwid sa panig ng pag-uusig at matanong na rin ang nasasakdal ay tumayo si

# *Alpahol Mendoza:* ABOGADO



**ni PEDRO T. SALAZAR**

Nguni't kaiba sa mga bagong tapos sa pagka-mananggol, si Abogado Alpahol Mendoza ay kilalang-kilala sa buong bayan ng Ekis dahil sa laki ng kanyang karatula at hindi sa dami ng asuntong hawak.

—Malamang na hindi masulit ang karatula ni Atorni, —sabihan ng mga miron. —Wala pa yatang kliyenteng nagbabakasakali sa kanya hanggang ngayon.

—Hindi ko pa nga nakikitang humaharap sa husgado, e, mukha kasing mahal sumingil dahil sa laki ng karatula.

—Ibig yatang daanin sa palakihan ng **plaka** ang pagka-abogado, —may panunudyong sabihan naman ng ilan.

Kapag umaabot sa kaalaman ni Abogado Alpahol Mendoza ang gayong mga usapan ay maluwag na ipananalo ng aking inaanak.

—Tama, kumpare, nguni't kailangang maging sensayonal ang asunto. Yaong ang depensa ay ngayon lamang masasaksihan sa harap ng husgado.

Isang linggo ang nakaraan mula nang mag-usap at magkasundo ang magkumpare ay nabalita sa bayan ng Ekis na may hawak nang asunto si Abogado Alpahol Mendoza. Isang kasong, ayon sa balita, ay napakalaki kaya pinag-uukulan ng masusing pag-aaral ni Atorni.

Ang naging kliyente ni Abogado Alpahol Mendoza ay si Tiburcio Bundat alyas **Guwantes**, isang beterano ng nakaraang digmaang pandaigdig. Hindi taga-Ekis si Bundat. Walang nakaaalam kung taga-pahol Mendoza. Sayang daw ang karatulang limang metro ang haba at isang metro ang lapad.

—Baka hindi na matupad ni Atorni ang pagpapadagdag sa kanyang karatula. —anang isang nakalaam sa kaso ni Bundat.

—Kung sakali e, maaari rin namang maipanggatong iyan. Bakit, e, mahal ang kahoy ngayon, —sabi naman ni Kikong Daldal na isa sa hindi bumi-**believe** kay Abogado Alpahol Mendoza.

Sa panig naman ng mga nag-uusig ay ganito ang sinasabi: —Kay Teofilo Talabusab lamang ay wala nang magagawa si Mendoza, pagtulungan pa kaya naming tatlo!

Lumilitaw na hindi lamang ang mga miron ang humuhusga sa kakayahan ni Abogado po naman si Baldomero Dagulgul sa upuang laan para sa nagsasakdal. **Peace time** na **peace time** ang ayos ni Dagulgul. Lalo na nang sabihin ni Abogado Talabusab na hihingan nila ng **damage** si Tiburcio Bundat.

Nang pumasok ang Huwes na didinig sa usapin ay nagtayuan ang mga tao. At sabay sa pagbagsak ng malyete ng Huwes ay siya namang pagpasok ni Abogado Alpahol Mendoza sa pintuan ng husgado. Naglingunan ang mga miron.


—Ito ang tinatawag na **dramatic entrance**, —anang Atorni habang pumapasok sa bulwagan ng hukuman. Kaakbay niya si Tiburcio Bundat. Sa likuran ay nakatutok ang kanyang sekretaryo na halos laylay na ang balikat sa laki ng

Abogado Mendoza upang magtanggol. Nagbulungan ang mga tao. Nagkindatan naman ang tatlong abogado ni Dagulgul at halatang nagpigil ang mga ito ng pagtawa. Ipinukpok ng Huwes ang malyete. Tumahimik ang lahat.

—Kagalang-galang na Hukom, —tila nagtatalumpati si Atorni Alpahol Mendoza. —Lumilitaw po sa paglilitis na ito na ang ginamit ng nasasakdal na si Tiburcio Bundat sa pang-uumit ng alahas sa bazar na ari ni Baldomero Dagulgul, ay ang kanyang kaliwang kamay.

Tumango ang Huwes.

—Kung gayon po, kagalang-galang na Hukom, —patuloy si Abogado Alpahol Mendoza, —ang may kasalanan ay hindi si Tiburcio Bundat. Siya ay biktima lamang ng kanyang




# "PAGKAHABA-HABA MAN DAW NG DULANG..."

DITO, kapag sinabing mahaba ang dulang ng isang kasalan, 'yon e, en grande na, 'ika nga. At pambihira na para sa 'min. 'Ku, e, sino ba naman sa 'min ang makapagpapakasal nang en grande? 'Ala! 'Yan, kung mangyaring bago dumating ang kasalan, e, tumama kami sa swipisteyks o sa h'weteng.

Kelan nga lang ba nagkaro'n ng kasalan ditong talaga namang mabibihira na maging sa kabayanan? No'n lang ikasal ang anak ni Berto.

('Ku, natatandaan n'yo pa ba no'ng bumagsak ang bahay ni Berto? No'n bang tumaga s'ya sa kanilang haliging kawayan at sa kasama'ng palad e, nabali'ng haligi at ang naisigaw tuloy n'ya e, **di makapapanhik ang anak n'yang nagtanan hangga't di naitatayo'ng bahay n'ya!**)

'Ba, e, nang maipagawa nga ng mamanugangin n'ya'ng bahay nila, e, nakapanhik na nga'ng mag-asawa at gaya nga ng nasabi ko, e, talaga namang pambihira pa'ng naging kasalan. Mangyari'y napahiya 'ata si Damasong babalaihin ni Berto at nagpasikat naman.

Maniwala kayong isang linggo pa bago ikasal ang anak ni Berto, e, usap-usapan na sa mga tindahan, sa barberya ni Anong, sa mga kanto, sa mga bingguhan, sa mga harap-bahay dito ang kasal ng anak ni Berto. Limang turet daw (tawag namin sa maliliit pang bakang kasarapan lang katayin) ang itutumba. Di mabilang na manok ang liliigan. Isang kuterba'ng isdang manggagaling pa sa Bulakan. Ang mga mesang habainan e, sa iskinitang tumutumbok sa bisita na pagpipila-pilahin. (Biro n'yong haba ang isang iskinita!) Maghapong puputok ang mga kuwiton at sa gabi pa ng bisperas ng kasal e, magdamag na lilipad ang mga pailaw na pasadya pa raw ng balae ni Berto sa Meykawayan. Aarkilahin ang kumpalsa ni Mintong Blakd'yak (blakd'yak ang pangagawiang palayaw ke Mintong dahil sa laging nakasalaming de kulay kahit gabi.) At ang talagang ikinapambibihira ng kasal ng anak ni Berto, e, ang banda ng musiko. — Isang banda raw na susundo at maghahatid sa mga ikinasal. 'Ba nantakin n'yo 'yan, kasal na ihahatid at susunduin sa simbahan ng isang bandang musiko!

—Ano, ililibing? —naibulalas tuloy ni Asiong na noon e, kasalukuyang ginugupitan ni Anong.

—Ako naman e, di sa nangmamata ng kap'wa, —nasabi naman ni Andoy, ang pulitiko namin, —pero, sa tingin ko sa pigura ni Damaso e, mahihirapan s'ya sa mga binabalak n'yang paghahanda sa kasal ni Milong anak n'ya. 'Alang dudang sabi-sabi na lang 'yan. Alin, kung matino ang Damasong 'yan, kahit na kaya n'yang gawin ang pagbahandang 'yon, e, di n'ya gagawin. Biro mong pagtatapon ng pera 'yong gagawin n'ya. Mabuti pa'y kumandidato na lang s'ya sa pagka-alkalde kesa ipakasal n'ya at gastusan nang gayon ang anak n'ya. Me pag-asa pa s'yang makabawi. At kung matalo man s'ya'y me kuns'welo naman s'ya, nasabing kumandidato s'ya sa pagka-alkalde.

Dumiga uli si Anong na kabiruan ni Andoy: —Ang hirap sa 'yo, Pareng Andoy, e, 'kala ko'y maganda'ng opinyong sasabihin mo at pagkahaba-haba pa naman, e, sukat mong ikamb'yo sa pulitika. Ang kasal ng mga anak nina Berto at Damaso'ng pinag-uusapan natin... Para sa 'kin, 'yang ganyang pagpapakasal sa mga anak, e katarantaduhan na lang...

—Ba't katarantaduhan? — Nagkatinginan kami nang makita namin ang nagsalita — si Maurong kapatid ni Damaso. —Ba't naman katarantaduhan, Anong?

Namutla si Anong pero nagpilit na huwag magpahalata ang d'yaski. Nginisihan si Mauro at inalok na umupo.

—Mabuti't napasyal ka, Mauro. Alam mo'y napag-uusapan nga namin ang kasal ng pamangkin mong si Milo. Tingnan mo, Mauro, ako naman e, di sa kung kani-kanino, ano. Tingnan mo na lang ikaw, hindi ba't medyo grande'ng kasal mo? Halos inubos sa 'yo ng Tatang n'yo ni Damaso'ng pinagbilhan sa kapiraso n'yong tumana? Pero, pagkatapos ng kasal mo, e, anong nangyari? 'Ala! Hindi ba? Hindi naman kami humanga at bagkus e, nasuya pa kami.

Nahalata naming biglang namula'ng punong tenga ni Mauro. Sumama ang pagkakatingin n'ya ke Anong. Pero, nagpatuloy ito...

—At lalong naniwala kami na 'alang epekto ang grandeng kasal nang malaman naming isang taon na kayong nagsasama ni Binay, e, 'ala ka pang trabaho at ang nangyari'y ang Tatang mo pa'ng sumustento sa inyo... 'Eto naman e, napag-uusapan lang natin.

—Senga, senga, Mauro... —sabad ni Busyong na matalik na katoto ni Anong. —Baka lang 'ika namin nagagalit ka sa pagdidebate naman tungkol sa kasal ni Milo. Nagpapaliwanag lang ang katoto kong Anong. At sa palagay ko naman, e, me kat'wiran s'ya... Pagka't tingnan mo na lang ang nangyari sa 'yo... Hindi ba't walang dalawang taon kayong nagsama ni Binay? Pa'no, di ka makakita ng trabaho. 'Ala ka namang masaka pagka't ipinagbili naman ng Tatang mo'ng bukid n'yo para ipagpakasal naman ke Damaso. —Tumikhim-tikhim pa muna si Busyong bago nginisihan si Mauro saka nagpatuloy. Masama nang talaga ang tingin sa kanya ni Mauro. —Ang lagay e, nagpapaliwanagan lang naman tayo, Mauro.

Si Mauro, na sa palagay namin e, magpapagupit, e, 'alang kibong muling lumabas ng barberya. Halatang galit si Mauro. At nagkatinginan na lang sina Anong at Busyong. Parang sinabi ng isa't isang mahihirapan silang makatikim ng handa nina Damaso.



Malinaw na kontra ang buong baryo sa gayong klaseng kasalan. Nguni't 'alang nangyari sa 'ming mga argumento. Madaling-araw pa ng kasal ni Milo e, sumagitsit na nga'ng mga k'witon na sinaliwan pa ng "iyakan" ng pamamaalam ng mga litsuning baboy at kakatayang mga turet. Dating at dating ang mga bisita kina Berto. At umagang-umaga pa'y nagpasayo na'ng musiko bago inihatid ang kasal sa simbahan. Nang tumanghali'y narinig nang tumugtog ang kumpalsa. Anupa't nagmistulang pista sa baryo.

Ani kapanahong Tomas: 'Ku, 'Igang Kanor, ano kayang hayup-hayupan ang pumasok sa tuktok n'yang sina Damaso at Berto, ha? 'Ba, damuhong kasalan 'yan at, tila hahaluin ang buong baryo a!

'Ku, talaga namang para kaming hinalo. Nagkagulo ang mga bata sa pagsunod sa musiko. Tinamad magluto ng almusal ang mga babae at nagsipila na lang sa baybay-kalsadang malapit kina Berto upang panoorin ang pagdating at pag-alis ng mga ikinasal.

At natipon kaming lahat sa bahay nina Berto. Sina Busyong at Anong lang 'ata ang di ko nangakita do'n. Kanya-kanyang abutan sa duluhan nina Berto ng mga handang isinapinggan. Sa madaling salita, maghapong nagpasasa sa kasayahan at kabusugan ang baryo.

Nagkatabi kami ni 'Igang Kulas sa paghahapunan (doon na rin ang almusalan at tanghalian namin) at naibulong n'ya: —'Igan, ito na seguro'ng pinaka-grandeng kasal na nakita ko sa buong buhay natin, ano?

---

ANG SISTE nito, kaya ko nga naisalaysay ang buhay-buhay na 'to, e... ang kasal na naman ni Milong anak ni Damaso'ng napag-usapan sa barberya ni Anong. Mangyari'y umuwi raw kagabi kina Berto si Andeng, ang naging asawa ni Milo. Halos himatayin daw sa pananangis ang bata. Nagsumbong daw na mabuti ke Berto. Umano, nasagot lang daw si Milo e, sukat na sakalin ka'agad. Isinumbat pa raw ni Milo na di n'ya akalaing sa dinami-dami ng ginastos ng kanyang Tatang sa kanilang kasal e, sasagut-sagutin pa s'ya ni Andeng. (He-he!)

'Ku, h'wag naman kayo... kani-kanina lang e, nakausap ko si Damaso at nabiro ko. Kasabi-sabi ba naman, e, talaga raw 'atang gano'n ang mag-asawa, "pagkahaba-haba man ng dulang sa araw ng kasal, e, di rin nawawalan ng sakalan!" (X)

## ESPANYOLA

(Karugtong)

yuan ni Teresa. Sa kasuotang saya't baro'y parang noon lamang napansin ni Aling Iska ang ganap na pagkadalaga ng kanyang anak.

—Dungawin mo sila, anak ... patuluyin mo...

Nagtungo si Aling Iska sa kusina, bagama't walang gagawin doon. Nguni, para kay Aling Iska, ang kusinang yaon ang kanyang pinakasantuwaryo. Doon naroon ang puwang na mapaglalagakan niya ng kanyang sarili. Doon siya maaaring tumangis.

—Magandang gabi po, Aling Iska ..

Humarap si Aling Iska sa nagmagandang gabi. At pilit na ngumiti, tulad ng kanyang pagkakangiti kay Teresa.

—Magandang gabi naman, Ben. Bu—buti't napapasyal kayo.

Napatungo ang lalaki na waring naihhiyang mabasa ng matanda ang damdaming nakalimbag sa mga mata. At nang buong galang yaong nagpaalam upang makipiling sa pangkat ay sinulyapan ni Aling Iska si Teresa. Matagal umugpong sa mukha ng anak ang paningin ng matanda, at nang makitang nginitian nito ang binatilyong may dala ng pangkat pagkaupong-pagkaupo riyon ay napatalikod si Aling Iska.

Pagkaalis ng pangkat, nakikini-kinita ni Aling Iska, haharap siya kay Teresa na nakangiti, na labis nitong kaiinisan — tulad ng pagkainis niya sa tawa ng kanyang Inang at Tatang. Datapuwa, hindi na kailanman magkakaroon ng kaligayahan ang kanyang ngiti. Yao'y magsisilbi lamang panakip sa tunay na damdaming hindi niya maipamalay sa anak: ang katotohanang unti-unti nang naghihiwalay ang kanilang landas... sa pagdadalaga ni Teresa.

WALA SILANG IMIKAN habang patuloy na naglalakad; bawa't isa'y sakbibi ng sariling alalahanin. Kay Segundo: bawa't paghakbang ng namimitig na mga binti'y patuloy na pagbigat ng kanilang dala. Bawa't paglakad ay lalong paglayo nila sa kanilang patutunguhang kubo ni Tandang Andro. Ngayon niya pinagsisihan kung bakit nakapunta-punta pa siya kina Angelito. Subali't alam ni Segundo: hindi na siya makatatalikod — na, minsan lamang tumalikod ang Anak ng Bayan; pag patay na.

Lalong bumibigat ang bisig na nakaakbay sa kanyang balikat. Nakapapagod ang kabigatan ng katawang halos hinihila nila ni Segundo. Nguni, higit ang bigat na nadarama ni Angelitong nakadagan sa kanyang puso at pag-iisip.

Kaipala, hindi siya nagkakamali, natuklasan na ng kanyang Tatang ang baso't basahang nalimutan nila ni Segundo sa pagmamadali. Nakita na rin marahil niyon ang bukas na pintuan sa batalan. Hindi naging maingat ang kanilang pagpapasya ni Segundo, ang kanilang pagkilos. Sa bawa't gawaing may kinalaman sa lihim na kilusan ay dapat silang maging maingat, maging tiyak sa pagpapasya. At ngayon...

Papaano niya ipaliliwanag ang nangyari, sa kanyang Tatang? Kung usigin siyang tulad ni Segundo, ipagtapat kaya niya ang pagsapi niya sa lihim na kilusan?

—Malayo pa ba?

Parang naaalimpungatang napabaling ang paningin ni Angelito kay Segundo.

—Malayo pa ba tayo, 'kako?

Tinanaw ni Angelito ang kanilang patutunguhan. Sa dilim ay parang higanteng nakatayo ang anino ng punong kabalyero; waring sadyang nag-aabang, naghihintay.

—Malapit na tayo...


Palatandaan niya ang punong kabalyero na nakatanim sa kabilang pampang ng Sapang Tuyo. Pagkabagtas nila ang sapa, halos naroon na sila sa kubo ni Tandang Andro. Yaon ang katapusan ng kanyang tungkulin kay Koronel Balantok.

Nakita nila ang kaputian ng Sapang Tuyo. Nanganganinag sa kadiliman ang kabatuhan ng sapa. Walang tubig ang sapa: gayon iyon tuwing tag-araw. Tag-ulan lamang lumalaki ang tubig.

At, biglang-bigla, nadama ni Segundong nanindig ang kanyang mga balahibo, pagkabahang-pagkaba ng sapa. Kaipala'y gayundin ang nadama ni Angelito, nguni, saglit lamang. Ang kanyang buong kamalayan ay pumako sa lagaslas ng mga dahon — tulad ng kung hinihila niya ang isang sanga ng kawayan — at nanatiling nakatuon ang paningin sa dakong pinagmumulan. Matagal, sa pakiwari ni Angelito, bago niya narinig ang marahas na tinig at papalapit na yabag. Humanda si Angelito sa paglapit ng lalaking may marahas na tinig at mabibigat na yabag.

(ITUTULOY)


## Mabuhay nang maligaya



# Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali

Magiging masigla ang buhay — magiging lalong masaya kayo — pagkaraan ng unang lagok ninyo ng nagpapasiglang Coca-Cola! Ang kahanga-hangang inuming ito ay dagling nakapagpapasigla sa inyo— walang katulad sa pagpapaginhawa. Opo — sa buong daigdig — walang makapagbibigay sa inyo ng kasiyahang naidudulot ng Coca-Cola. Tamasahin ang isa ngayon!

DRINK Coca-Cola

30TH ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: SAN MIGUEL BREWERY


Johnny Tremain
ni Walt Disney
PINUKAW NG HUDYAT NI JOHNNY, PAHANGOS NA TINUNGO NI PAUL REVERE ANG CONCORD UPANG GISINGIN ANG MGA KOLONISTA!
BOSTON 10 miles
LEXINGTON 6 miles
CONCORD 12 miles
ANG MGA INGLES AY LULUSOB! ANG MGA INGGLES AY LULUSOB!
IHANDA! IHANDA NINYO ANG HUKBO!
SI PAUL REVERE!
ANG MGA ALARMA SA KOLONYA AY TUMAGINTING, AT ANG MGA KAMPANA NG SIMBAHAN AY NAGBABANG PANGANIB...
NILAY ANG LIWANAG SA MGA DAMPANG MARAANAN NG NAGTUTUMULING KABALYERO SA KATAHIMIKAN NG GABI... AT PASAGSAG NA LUMABAS ANG MGA KALALAKIHAN -- ANG IBA'Y MAY RIPLE, ANG IBA'Y WALA...
SA PAGBUBUKANG-LIWAYWAY, ANG UNANG PANGKAT NG MINUTE MEN AY NATIPON SA TAGPUAN SA LEXINGTON, SA PAMUMUNO NI KAPITAN PARKER.
6-9
SAMANTALA, SA PUNONG TANGGAPAN NG MGA ANAK NG KALAYAAN SA BOSTON...
TAPOS NA ANG GAWAIN MO RITO, JOHNNY! NGAYON, PUMUNTA KA NA SA LEXINGTON -- KUNG MAKALULUSOT KA!
MAKALULUSOT AKO, DOKTOR WARREN!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
AT ILANG SANDALI PA, ISANG BATANG BAYANI ANG PATUNGO SA KANYANG MGA KAPANALIG UPANG IPAKIPAGLABAN ANG KALAYAAN...
ITUTULOY...
Distributed by King Features Syndicate.


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
NANG MAPILING BINIBINING DAIGDIG SI NARDA, NAG-HINTAY KAMI SA BUKID PARA SA SUSUNOD NA HAKBANG.
BUONG GABI KA-MING NAG-HINTAY, NGUNI'T WALANG NANG-YARI!
MANDRAKE-- NARDA! SAANG LUPALOP KAYO NANGGALING?
1
BUONG GABI? NAWALA KA-YO NANG ANIM NA BUWAN!
KAHIBANGAN. NAGPUNTA KAMI ROON KANGINANG TANGHALI! UH!--NAR-DA--TINGNAN MO ANG PETSA!
2
MAY ISA PANG GU-MUGULO SA AKIN. HINDI KO MALAMAN KUNG PAANO NAPA-SAAKIN ANG KAKA-IBANG SINGSING NA ITO.
HINDI BASTA MUMURAHING SINGSING IYAN. TINGNAN MO ANG KAYARI-AN!
DALHIN NATIN SA ISANG PLA-TERO.
3
HINDI KO MAURI ANG METAL-- NGUNI'T ANG BATO-AY LANTAY NA DIYAMANTE DI KUKU-LANGIN SA TATLONG DAANG KILATIS--PI-NAKAMALAKI SA BUONG DAIGDIG-- MAY HALAGANG-- (MARYOSEP)-- HINDI KO MATANT'YA!
!
4
TITINGNAN KO KUNG MALULUTAS KO ANG HIWAGA NG (MAR-YOSEP) SINGSING NA IYAN.
SALAMAT, TSIP. NARDA--PAANO NANGYARING NA-WALA TAYO NANG ANIM NA BUWAN? SAAN TAYO NA-PADAKO?
TINGNAN MO-- ISA SA MGA KA-RATULA NG TIM-PALAK--NAGTA-TAKA AKO-- ANO ANG NANG-YARI SA ATIN?
BEAU
CONT
MISS INTE
PRIZES
5
6-9
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
SAAN KO KA-YA NA-KUHA ANG GANI-TONG SING-SING?
MAY NANGYARI-- PARANG NAAALA-ALA KO NA, PERO NAWAWALA RIN-- MARAHIL, BABA-LIK DIN IYON SA ATIN--
ANG GUNITA NILA NG DAKILANG KALAWAKAN-- MGA DAIGDIG SA IBAYO NG MGA DAIGDIG--AY NA-PAWI--NAGLAHO HANGGANG, AYON KAY MAGNUS, "ANG DAIGDIG AY MAKAYAYARI NG SARILING SASAK-YANG PANGKALA-WAKAN." MARA-HIL--SA IBANG ARAW.
6
SA SUSUNOD: "CASINO"


**KALIGTASAN** sa pamamagitan ng

# SAFETYLINER TUBELESS

ISANG PRODUKTO NG BISIG AT PUHUNAN SA PILIPINAS




**Bakit susuong sa isang mapanganib na *blow-out*? Ang gomang ito'y nananagot sa i s a n g l-i-g-t-a-s na paghinto, pinangangalagaan kayo sa 'malubhang mga sakuna. Ang umiikot na proteksiyon sa pagdulas ay nagbibigay pa ng higit na traksiyon, higit na lakas din sa pag-*start*... gayong nagkakahalaga nang di-hihigit sa karaniwang goma at interior!**




B.F.Goodrich

FIRST IN RUBBER—FIRST IN TUBELESS

**9** NA TAONG KAHIGTAN SA GAMIT AT KATIBAYAN

**GOODRICH INTERNATIONAL RUBBER COMPANY**

PAGAWAAN: MARIKINA HEIGHTS

13th & Railroad Sts., Port Area, Manila Tel. 3-05-01


# Mag-MADYIK Tayo

ni BA ARVO


## "WALA KANG LIGTAS!"

DALAWANG TAMANG HULA sa isang pagkakataon! Ito'y magagawa ninyo.

Kumuha kayo ng isang **set** ng mga baraha at ipahati ito nang pataob sa isa ninyong kaibigan habang kayo'y nakatalikod (larawang A at B). Sa hating maiiwan, A, ay pakunin siya ng ilang barahang hindi lalampas sa labintatlo. Patandaan ninyo ang dami ng kinuha niyang mga baraha, gayundin ang **pigura** ng pang-ibabaw na baraha. Pagkatapos ay ipapatong naman ninyo ang mga barahang kinuha niya sa inangat na salansan sa unang paghahati (B).

Kapag nagawa na niya iyon ay humarap kayo, kunin ang salansan na pinatungan ng ilang baraha, at sabihing kapag naihanay na ninyo ang mga iyon ay malalaman na ninyo ang dami ng isinama niyang baraha at ang barahang tinandaan niya.

"Wala kang ligtas," ipaniyak ninyo. At kapag inihanay nga ninyo ang mga baraha, makapagpapatunay na kayo ng dalawang tamang hula.




... ang sistema:

Bago ninyo iabot ang **set** ng mga baraha, ayusin na ninyo ang unang labintatlong baraha sa salansang "B", nasa ibabaw sa lahat ang hari, sumunod ang reyna, at tuluy-tuloy hanggang pababa bilang. Ang magiging pagkakasunud-sunod ng mga barahang nakataob, buhat sa ibabaw, ay: hari, reyna, joker, 10. 9, 8, 7, 6, 5, 4, 3, 2, 1. Ang kukuning mga baraha ng inyong kaibigan ay dito ipapatong at ito ang salansang ihahanay ninyo.

Iayos ninyo nang nakataob ang mga baraha. Pabilog ang mainam na pag-aayos. Ilapag nang sunud-sunod ang mga baraha.

Sa bawa't paglalapag ay bumilang kayo. Kapag dumating kayo sa ikalabing-apat na baraha, tingnan ninyo ang bilang niyon. Kung ano ang numero niyon ay siyang dami ng barahang idinagdag o ipinatong ng inyong kaibigan. Pagkatapos ay gamitin naman ninyo ang bilang na ito sa pagsasabi ng tinandaan niyang baraha. Nagsisimula sa unang inilapag na baraha, bumilang kayo sa daming isinasaad ng ikalabing-apat na baraha. Kapag itinihaya ninyo iyon at ipinakita sa inyong kaibigan, sasabihin niyang iyon nga ang tinandaan niyang baraha.

HALIMBAWA: Anim na baraha ang isinama ng inyong kaibigan: ang pang-ilalim na baraha niyon ay 3 ng puso.

Maglapag kayo ng mga labinlima hanggang labinsiyam na baraha. Diyan ay masasama na ang labintatlong sunud-sunod na barahang iniayos bago mag-madyik. Pagbilang ninyo ng ikalabing-apat na baraha, at ito'y inyong itinihaya, makukuha ninyo ang barahang 6 na diyamante. Kapagdaka'y masasabi na ninyong **anim** ang dami ng isinamang baraha ng inyong kaibigan.

Buhat naman sa unang barahang inilapag ninyo, 9 ng puso, bumilang kayo nang anim. Kunin ninyo ang ikaanim na baraha at itihaya. Iyon ang barahang 3 ng puso, ang tinandaang baraha ng pinagmamadyikan ninyo.

---

Kapag naipakita na ninyo ang "madyik", pilitin ninyong magulo ang pagkakasunud-sunod ng inilapag na mga baraha upang hindi mahalata ang ginawa ninyong pag-aayos.

## *ULILANG HALAMAN* (Karugtong)

ay nando'n lang sa'min. Mabuti pa ikaw... marami kang kalaro.

—Si Tinoy ay magiging kalaro mo, —sambot ni Susana. —Siyanga, magpunta tayong lahat sa tabi ng dagat. Maglalaro kayo roon ni Tinoy.

—Siyanga ba, Mama? —ani Diana na biglang nagsipangislap ang mga mata.

Makailang sandali pa'y nasa tabing dagat na ang lima. Nadatnan na nga nila roon ang maraming batang naglalaro. Pinabayaan nina Susana at Dora si Diana at si Tinoy.

Nagialakad na magkasabay sina Tinoy at Diana. Kahit paika-ika si Diana ay masaya siya. Maingat siya **sa pagdiin** sa kanyang muleta, pagka't kung minsan ay napapalalim ang baon niyon sa malambot na buhangin. Si Tinoy nama'y nakahanda sa pagtulong sa kata kung kakailanganin.

Minsan ay napabaon nang malalim ang muleta ni Diana at nahirapan siyang bunutin iyon. Kinailangan pa ni Diana ang ikapit ang isang kamay sa balikat ni Tinoy.

—Kung sana ba'y nakalalakad ako nang wala ang muletang 'to! —nasabi ni Diana.

—Bakit, hindi ka ba makalakad kung wala 'yan?


—Nakalalakad din, nguni't nahihirapan ako.

Hindi na kumibo si Tinoy. Tinungo nila ang bangkang sira na nakataob sa buhangin. Iyon din ang inupan nina Rafael at Dora noong isang gabing sundan ni Rafael ang dalaga sa tabi ng dagat.

—Bakit pa ginagamit mo 'yan? —wika ni Tinoy at itinuro ang muletang nakasandig sa tabi ni Diana. —Bakit hindi ka lumakad na wala 'yan? Kung wala 'yan... makatatakbo ka... makapaghahabulan tayo.

(ITUTULOY)

## PAGPIPINTURA NG KAHOY AT TABLA



Kung ang pipinturahang tabla o kahoy ay may dati nang pinta at kailangan lamang na takpan ang nabakbak na mga bahagi, punasan ng malinis na basahan ang bahaging iyon at maingat na takpan ng bagong pintura. Ang gagamiting pintura ay kailangang kakulay ng nakapaligid na pintura. Pagkatuyo ng ipinahid na pintura ay punasan naman ng malinis na basahang basa ang dating pintura upang maging pantay ang kulay ng kabuuang pinta.


Sakaling nanaisin na alisin muna ang dating pinta, punasan iyon ng mainit na tubig at soda upang mapawi ang mga dumi at langis, patuyuin, at saka ipintura ang unang pahid. Maaaring sumapat na ang unang pahid nguni't, kung nais ang matingkad na kulay ng pintura, ipinta ang ikalawa, o kahit na ang ikatlong pahid. Sa ganito'y lubusang matatakpan ang ano mang ukit ng pinipinturahan.

Pakinisin ng papel-de-liha ang ibabaw ng tabla bago ito pinturahan kung nais ang makintab na pinta.

Sa lahat ng pagpipinta, gaanan lamang ang hawak sa brotsa upang hindi mag-iwan ng bakat. Marahang ipahid ang brotsa nang paayon sa mga himaymay ng tabla.

Hintaying matuyo nang lubusan ang kapapahid na pintura bago salangin ang kasangkapang pininturahan. Hangga't maaari, maglagay ng babala sa tabi ng pininturahan upang di makakahawa sa di nakaalam.

## PAGGAWA NG BALAG



Ang balag, na pinagdarapuan ng mga tanim na gumagapang, ay kailangang maging matatag. Sa paggawa nito, alin mang matigas na kahoy ay maaaring gamitin.

Ang pinakakaraniwang balag ay yaong ginagamitan ng mga sanga ng kahoy sa taas na 6 hanggang 8 talampakan at tinatalian sa itaas ng makikitid nguni't mahahabang sanga. Gayunman, kung ang magiging bunga ng mga tanim ay mabibigat, lahat ng bahagi ng balag ay dapat maging matitibay na sanga.

Upang hindi mabulok ang babagi ng mga nakabaong poste ng balag, ang mga ito'y dapat pahiran ng alketran. Dalawang talampakan ang kailangang lalim ng mga poste sa pagkakabaon sa lupa.

Kapag ang gagawing balag ay yari sa kahoy, ang kainamang kapal ng mga poste ay 4 na pulgadang kuwadrado at ang ibang bahagi ay 3". Ipako ang mga magkakapatong na kahoy na ang ginagamit ay 4" pako.

Upang maipagsanggalang naman ang buong balag sa madaling pagkasira dahil sa pagkabasa, ito'y pahiran din ng alketran.






## TINIG AT MUSIKA . . .

da ng Konstabularya ng Pilipinas sa pamamatnubay ni Ten. Kor. Buenaventura.

Sa kasalukuyan ay may 26 na taong gulang na si Mercadita. Nang hingan siya ng kuru-kuro ukol sa kanyang buhay ay sinabi niyang "ako'y naliligayahan din bagama't di ko nasilayan ang kagandahan ng daigdig kahit iisang saglit man lamang, sapagka't nababatid kong nakapagdudulot pa rin ako ng aliw sa aking kapuwa sa kabila ng aking kalagayan." Ayon sa kanya ay iuukol na lamang niya ang nalalabi niyang buhay sa sining na itong sadyang ipinagkaloob sa kanya ni Bathala.

Si Mercadita ay walang nakikitang kagandahan o sining sa mga nauusong awitin sa kasalukuyan, tulad ng "rock and roll," "calypso" at iba pa. At dahil dito, silang mag-ina ay may balak na maglakbay sa Amerika sa mga darating na araw, sapagka't ani Gng. Habibi, ay kailangang ipaghanda ang kinabukasan ni Mercadita. Sa kanya diumanong palagay ay walang gasinong pag-unlad ang musika o ang mga himig na klasika rito sa ating bansa, sapagka't ang kinahuhumalingan ng marami, lalo na ng mga kabataan, ay ang nauusong "hits" sa plaka.

Maliwanag na inilarawan ng talambuhay ni Mercadita Habibi na ang kapansanan ng isang tao ay hindi balakid sa ikapagtatamo ng tagumpay kailanpama't malalangkapan ng matibay at matatag na hangarin.




## KAYO AT ANG INYONG SANGGOL

Karugtong

kakulangan ng isang uri nito ay pinanggagalingan ng mga tanging sakit na nakakaantala sa paglusog at paglaki ng sanggol. May mga 17 uri ng bitamina ang nakikilala na at pinag-aaralan ng mga siyentipiko nguni't ang pinakamahahalaga lamang ang pag-uukulan dito ng pansin.

Ang kakulangan ng mga bitamina ay nagmumula sa pagkain ng di timbang na mga sangkap o kakauntian ng pagkaing tinatanggap. Maaari rin namang magmula sa masamang pagtunaw ng mga bitamina sa loob ng bituka lalo na't may kurso o sakit sa bituka ang bata.

**Bitamina A**

Ang bitaminang ito ay mahalaga para sa isang malusog at makinis na balat at para sa pagpapaliwanag ng paningin. Ang mga pinagmumulan nito ay ang mga bungang-kahoy na dilaw gaya ng papaya, dalandan, mangga at mga gulay na remolatsa o kalabasa. Nagtataglay rin nito ang mga pagkaing buhat sa hayop gaya ng gatas, mantekilya, keso, pula ng itlog, at atay.

Kung kulang sa Bitamina A, ang balat ay nagiging tuyo at magaspang. Ang mga mata ay napipinsala rin. Sa mga bahaging nasa harap ng mata, ang korneya na dapat maging maninging, maliwanag, at malinaw ay nagiging malabo at nangangapal. Kung malubha na, nagkakaroon ng mga butil-butil na nakakapinsala sa paningin. Ang pagkabulag sa gabi at malabong paningin kung dapit-hapon ay nagmumula kung minsan sa kakulangan ng Bitamina A.

Ang palagiang kakapusan nito ay nakapagpapahina rin sa sanggol. Kung maliit pa ang sanggol, ang pangyayaring ito ay naiiwasan lalo na't nakakainom ng sapat na gatas. Maraming ina ang nagbibigay na ngayon ng mga inihandang Bitamina A gaya ng "cod liver oil" o langis ng atay ng isda o iba pang dalisay na mga langis na ito. Huwag kalilimutang ang mga batik o pigmentong dilaw ng ano mang pagkain ay nagtataglay ng mahalagang bitaminang ito. Ang kailangan ng bata sa araw-araw ay mga 1,500 unidad o pamantayang-bilang, samantalang sa mga malalaki nang bata ang kailangan nito ay mga 5,000 unidad.

**Bitamina B**

Sa bansang ito, mahigit na pinahahalagahan ang Bitamina B-1 kaysa sa ibang bansa sapagka't nagkaroon ng isang panahon na libu-libong bata ang mga nangamatay dahil sa kakulangan ng bitamina B-1.

**(May karugtong)**




# Subukin ang Inyong Kaalaman

1. Kinagigiliwang kainin ng mga bata, maasim o matamis man, lalo na kung may kasamang bagoong
**a. santol b. kaymito k. bayabas**
2. Natatagpuan sa lahat halos ng mga bakuran, nagtataglay ng napakaraming butong maliliit na nababalot sa tubig-tubig na manipis na balat...
**a. papaya b. saging k. bayabas**
3. Sa Tsina pa nanggagaling ang pinakamasarap na bunga nito noong bago magkadigma, subali't ngayon, makakatas at masasarap din ang matatagpuan dito sa ating bansa.
**a. pomegranate b. pomelo k. atemoya**
4. Ito ay isang bungangkahoy na kasinlaki ng itlog ng manok, kulay kape ang balat, malaman, may malaki, makikinang at itim na mga buto.
**a. mabulo b. tsiko k. santol**
5. Napapagitnaan ng manipis na balat at malaking buto ang masarap na laman ng bungangkahoy na ito. Nanlalagas ang kanyang mga dahon kung malapit nang mamunga...
**a. sinigwelas b. makopa k. granada**
6. Malalaking bungangkahoy na kulay lunti ang napapanahon kung tag-init, mapula ang laman at pagkaminsan nama'y dilaw.
**a. Hawaiian papaya b. pakwan k. granada**
7. Sa ilang taganayon, ang bungangkahoy na ito ay ginagawa nilang gulay .. subali't lalong masarap kung kakainin ng hinog o minatamisan ang laman.
**a. rimas b. langka k. kalamansi**
8. Mag-aagaw ang mga kulay na pula't asul sa inyong dila matapos kayong kumain ng ilan lamang nito.
**a. duhat b. susung-kalabaw k. tampoi**
9. Sa gawing timog matatagpuan ang marami nito, minabuti nila ang magtayo ng isang pabrika upang maisalata ang laman at katas nito.
**a. pinya b. mangosteen k. duryan**
10. Tila maliliit na kampana kung malasin sa kanyang pagkakabitin sa puno ang mga ito.
**a. makopa b. kaymito k. mabulo**

MGA SAGOT...

| | |
|---|---|
| 1. a | 6. b |
| 2. a | 7. b |
| 3. b | 8. a |
| 4. b | 9. a |
| 5. a | 10. a |



TUNAY NA PANGYAYARI

# "NAGKAMALI AKO"

### ANG NAKARAAN

Dahil sa dinaranas naming paghihirap sa buhay ay natangay ako ng mga propaganda at magagandang pangako ng isang nagpapanggap na may itinataguyod na kakaibang simulain. At kami ni Susana ay sumamang namundok. Isang tinatagurianq Ipil ang kinilala naming pinakapuno.

Sa simula ay naging kasiyasiya ang aming kalagayan sa kabundukan. Subali't nang lumaon, napagkilala namin ang tunay na layon ng pinuno ng aming pangkat. Nandudukot ng mayayaman upang ipatubos sa malaking halaga, at walang pakundangang pumapatay ng kapuwa sa walang kabahi-dahilang bagay. Isang kasama naming tumangging pumatay sa isang may-ari ng lupa ang pinatay ni Ipil sa aming harapan.

Sa natuklasan naming katotohanan ay ipinasya naming mag-asawa na tumakas upang bumalik sa bayan at muling mamuhay nang matahimik. At isang hatinggabi, pagapang-gapang kaming tumakas sa pook na iyon ng kabundukan. Nakarinig kami ng mga yabag na tila humahabol sa amin. At kami'y padapang nangubli sa isang lubak habang tumatawag sa Diyos na iligtas kami sa panganib . . .

### KARUGTONG

HALOS di kami humihinga ni Susana. At gayon na lamang ang panliliit namin nang tumigil ang mga yabag.

—Tama ang hinala ni Ipil! —narinig naming sabi ng isang lumikha ng mga yabag buhat sa aming likuran. —Kayo nga pala ay mga taksil na di dapat pagtiwalaan!

At bago kami nakakilos ay naramdaman kong itinuon sa aking likod ang dulo ng hawak na baril. Galit na pinatayo kaming mag-asawa... at nakita naming si Sixto ang aming kaharap, ang tanod ng aming pangkat nang gabing iyon.

—Sulong!... Bumalik kayo ... at huwag kayong magtatangkang tumakas kung hindi ninyo gustong mamatay na ngayon pa! —pagbabala ni Sixto na sumunod sa aming likuran habang kami ni Susana ay humahakbang nang pabalik sa aming pinanggalingan.

Galit na galit si Ipil nang malaman ang tinangka naming pagtakas. Di mabilang na suntok at tadyak ang dumapo sa aking katawan samantalang si Susana'y tumanggap ng katakut-takot na sampal.

—Sinabi ko na sa inyong walang sinumang makapagtatraydor sa akin! —nanggigigil na sabi ni Ipil. —At ngayon na walang makasusuway sa aking kalooban!

Ipinagapos ako ni Ipil sa isang punungkahoy samantalang si Susana ay ipinakulong sa isang maliit na kubong sadyang pigilan ng mga nabibihag nila. Mahigpit kaming tinanuran hanggang sa kinabukasan.

Mag-aalas-diyes na ay hindi pa ako pinatitikim ng kahit anong pagkain. Nananatili akong nakagapos sa kinatatalian kong punungkahoy. Aywan kung si Susana ay katulad kong hindi rin nila pinakain. Ang tanging nalalaman ko'y nakakulong siya sa isang kubo at mahigpit pa ring tinatanuran.

Sa gitna ng paghihirap ng aking loob ay nakita kong lumalik ay nakita kong kinakaladkad halos si Susana.

—Bitiwan ninyo siya! —pasigaw kong wika. —Ako na ang saktan ninyo huwag lamang ang aking asawa!

Nakangising muling hinarap ako ni Ipil at ang parang nakakatuyang sabi: —pagbibigyan kita... hindi ko sasaktan ang iyong asawa! Sa halip ay palilgayahin ko pa siya sa mga sandaling ito bilang gantimpala sa iyong kataksilan!

At sa harap ko, pilit na tinangkang halayin ni Ipil si Susana. Nanlaban ang aking asawa... suabli't walang nangyari. Natupad din ni Ipil ang makahayop niyang nasa. Nagsisisigaw ako sa malabis na paghihirap ng loob. Nahiling ko sa Diyos na magunaw na ang mundo nang mga sandaling yaon upang huwag ko na lamang masaksihan ang na pakasakit na tanawing iyon na hindi ko na malilimot sa buong buhay ko. Napapikit na lamang ako. Halos magdugo ang aking mga labi sa mariing pagkakakagat.

Sa Nagawa Niyang Pagkakamali Ay Napakamahal

malapit si Ipil. Hubad na ang kanyang diyaket na suot nang nagdaang gabi, at nakakamiseta... makikita ninyong dalawa ta't pantalon na lamang.

Nang mapaharap sa akin ay muling nandilat at ang pagalit na wika: —Humanda ka, traydor! Ngayo'y matitikman mo ang lupit ng aking parusa!

—Hindi kami nagtatraydor sa iyo, Ipil! —pagmamatwid ko. —Nais lamang naming bumalik na sa kabayanan upang takasan na ang nakapanghihilakbot na pamumuhay dito na halos wala na kaming nasasaksihan kundi ang pagmamalupit ninyo at pagpatay sa inyong kapuwa...


Kitang-kita kong parang nagliyab ang mga mata ni Ipil at binirahan ako ng suntok sa sikmura na halos ikinawala na ng aking malay.

—Talagang matigas ka na, walanghiya ka! Nagkalakas ka na ng loob na magsalita ng ganyan sa harap ko!

Hinudyatan niya ang dalawang kasama. Mabilis na umalis ang mga iyon, at nang bu-

Nang panumbalikan ako ng kamalayang saglit na naglaho dahil sa naganap na tagpo ay nakita kong nakalugmok ang aking asawa. Halos mapugto na ang hininga ni Susana sa pagkahalong paghihirap ng loob at ng damdamin. Hindi ko natagalang pagmalasin ang nakahahambal na larawan ng aking kabyak, at muli akong napasigaw nang malakas na parang ibig kong paratingin sa langit ang aking paghihinakdal at paghingi ng katarungan!

Aywan kung sadyang niloob ng Maykapal na bigyang-wakas ang kasamaan ng isang pangkat ng mga taong naligaw ng landas, o kung bilang katugunan sa pagtawag ko sa Kanya, hindi gaanong nagtagal at nakarinig ako ng malalakas na putukan. Pagkuwa'y humahangos na dumating ang isa sa mga tauhan ni Ipil.


PASSPORT
to Financial Stability!

Equitable Banking Corporation
Established 1950
Main Office: 270-276 Juan Luna, Manila • Tel. 2-98-81
Branches: 622 M. de Santos, Divisoria • Tel. 2-60-78
129 Echague, Quiapo • Tel. 3-98-00
733 T. Alonso, Sta. Cruz • Tel. 3-45-36
Correspondents in Trade Centers of the World

## Pagtatapat Ng Isang Naging Huk

Kay BENITO R. CADIZ

—Mga alagad ng batas! Si-nasalakay tayo!

Naging mabilis ang sumunod na mga pangyayari. Nakita ko na lamang na nagpapanakbuhan sina Ipil samantalang nakikipagpalitan ng punlo sa tumutugis na dili iba't mga alagad nga ng katarungan. Walang naiwan sa pook na aming kinaroroonan kundi ako, si Susana at dalawang tauhan ni Ipil na tinamaan ng punlo at nangabulagtang wala nang buhay.

Aywan kung sadyang kalooban na rin ng Langit upang bigyang wakas ang paghihirap ng kalooban ng aking asawa, isang ligaw na punlong hindi ko malaman kung kaninong panig nagbuhat ang tumudla sa dibdib ni Susana. Kitang-kita kong siya'y nabulagta at hinukalan ng dugo ang tina-

Naging Kabayaran

mong sugat, kasabay ng muli kong pagkapasigaw nang ubos lakas na halos ikalagot na ng aking hininga.

Pagapang na lumapit sa akin si Susana, at buong paghihirap na nakapag-iwan pa rin sa akin ng pahimakas na pangungusap.

—Asawa ko... huwag nating itangis ang naging kalooban ng Diyos sa ating kapalaran... Ang pinaglupitan ng palad dito sa ibabaw ng lupa ay ginantimpalaan sa kabilang buhay...

Iyon lamang ang kanyang nasabi. Nalagutan na siya ng hininga sa aking paanan. Ibig ko siyang duhapangin at kulungin sa aking dibdib sa kahuli-hulihang sandali, subali't hindi ko magawa pagka't ako'y nakagapos.

Kahit na isang lalaki ay hindi ko napaglabanan ang tindi ng damdaming namayani sa aking katauhan. Aywan, nguni't nawalan ako ng ulirat... at nang manumbalik ang aking kamalayan ay pinagyayaman na ako ng mga kawal na nagtagumpay sa kanilang misyon. Napatay nila sina Ipil at nabihag ang ibang kusang nagsisuko nang ganap na mapipilan. Sa mga bangkay na nakatambad sa aming paningin ay kabilang ang kay Susana, ang kapuspalad kong kabyak ng dibdib! Noon lamang lubos kong naibulalas ang matinding sama ng loob. Niyakap ko ang bangkay ng aking asawa at buong laya kong iniyakan...

Diyan nagwakas ang kasaysayan ng isang pangkat na nagpanggap na may itinataguyod na magagandang simulain upang mapagtakpan ang tunay nilang mga hangarin at kasamaan. At diyan din nagwakas ang mga hirap na dinanas ng aking asawa simula pa nang kami'y magsama at mamuhay sa gitna ng kahirapan.

Ngayon, mapayapa na naman akong namumuhay sa piling ng batas. Kabilang ako sa mga pinalaya ng pamahalaan matapos mabatid ang malungkot na kapalarang sinapit naming mag-asawa.

Bagama't may ilang panahon na rin ang nakalilipas buhat nang huling tagpong iyon sa kabundukan, ay hindi ko pa nalilimot ang mga pangyayari. At paano ko malilimot ang tanawing iyon na hanggang ngayon at magpakailanman ay magsisilbing tila multong liligalig sa aking mga pangitain?


Subali't sa lahat nang iyon ay kasama na ring binibigyang-sisi ko ang aking sarili. Sapagka't ako'y nagkamali. Napatangay ako sa upat ng mga taong may matatamis na dila na di ko muna pinag-aralang mabuti ang katotohanan at ang mga bagaybagay. At sa minsang pagkakamali kong iyon ay napakamahal ng naging kabayaran.

Kung mag-iisip-isip muna ang tao at matamang maglilimi bago gumawa ng ano mang hakbang, kaipala'y hindi sasapitin ang malungkot na kapalarang tulad ng sinapit naming mag-asawa. (X)


**Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain**

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

✔ **Maghapong Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
✔ **Karakarakang Pumapawi sa Masamang Hininga!**
✔ **Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon.

*Sapagka't*

**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikislap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon!

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate




MAY KASIYA-SIYANG LASANG MAANGHANG NA NAIIBIGAN NG BUONG PAMILYA

P-1-33y

**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas ...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!**

# ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie rañola

Isinasapelikula na ang *Hahabul-habol* ng Sampaguita na nilalabasan nina Amalia Fuentes, Juancho Gutierrez at Dolphy. Ito ang ikatlong pelikulang pinamamahalaan ni Direktora Rosa Mia.

---

*Si Charito Solis ay isa sa mga bituin sa Pilipinas na itinuturing na may pinakamagandang mukha. Katunayan, hindi mga Pilipino lamang ang humahanga sa kanyang kagandahan. Sa mga bansang nararating ni Charito ay marami siyang nabibighani. Isa sa mga humanga nang labis sa kanyang kariktan ang bituin ng Hollywood na si Gene Kelly. Ngayon, ang bituing amerikano ay nakikipagsulatan kay Charito at nakikipagpalitan ng magagandang larawan.*

*Isang bituing lalaki sa bakuran ng LVN ang sumasama tuloy ang loob sa pangyayaring iyan!*

---

Nabalitang si Zaldy Zshornack at si Shirley Gorospe ay nagkakaibigan sa tunay na buhay. Subali't ngayon, may lumitaw na iba namang balita tungkol kay Zaldy. Umano, ang bituing ito ng Premeire ay may ibang "napupusuan". At hindi rin iba sa kanilang samahan, sapagka't ang dalaga ay si Leonor Vergara.

Tutoo nga kaya, o isa na namang *paltos* na balita?

---

*Sa loob ng maikli pang panahong paglabas sa pelikula ni Lani Oteyza ay tila may natitipon na siyang malaking halaga. Kamakailan ay ipinagparangalan niya sa kanyang mga kaibigan na naghahanda na siyang magpatayo ng sariling tahanan.*

*—Kaya pala napakatipid ni Lani ay mayroon siyang pinaglalaanan, —nasabi tuloy ni Lauro Delgado, na malimit makakita kay Lani na sumasakay sa jeep.*

---

Sa pag-alis ni Nenita Vidal na patungong Estados Unidos noong ika-12 ng buwang kasalukuyan ay nawalan ang pelikulang tagalog ng isang bituin. Sinabi ni Nenita bago siya lumisan sa sariling bayan na mula nang araw na yaon ay hindi na siya si Nenita Vidal kundi si Milagros Eraña.

—Sa pag-alis kong ito ay namamaalam na ako sa daigdig ng ikapitong sining, —ani Nenita nang ihatid siya ng mga kaibigan sa paliparan. —Pagkatapos ng mga tatlo o apat na taong pag-aaral ko sa ibang bansa ay haharapin ko ang aking propesyon.

Sa tinurang iyan ni Nenita, matitiyak lamang na mangungulila nang lubusan ang kanyang mga tagahanga at hindi na siya muling mapapanood sa puting-tabing.

---

*Bidang-bida ngayon si Luis Gonzales sa mga kasumang bituin sa estudyo ng Sampaguita. Hindi siya nauubusan ng balita tungkol sa kanilang masayang paglalakbay sa ibang bansa na kinasumpungan niya ng mga natatangi at kasiyasiyang karanasan. Ang masugid na tagapakinig ni Luis sa kanyang mga pagbibida ay sina Gloria Romero, Lolita Rodriguez at Barbara Perez.*

---

Maraming bituin at direktor sa pelikula ang nahihilig sa pag-aaral ng sayaw na "Rock 'N Roll". Sa mga lalaki ay mababanggit sina Eddie Garcia, Armando Garces, Mario Montenegro, Tony Marzan, Juancho Gutierrez, at Tito Galla. Sa kababaihan ay sina Barbara Perez, Amalia Fuentes, Marlene Dauden

*Nakahanda na ang lahat sa pagsasapelikula ng* Sharina, *na gagawin ni Manuel Vistan, Jr., sa pakikipagtulungan ng isang malaking samahan sa Indonesya. Nakatakdang magsisiganap ng mga pangunang papel sina Danilo Montes, Pancho Magalona at Olivia Cenizal.*

---

Si Bino Garcia ng Premiere ay isang masugid na manunuklas ng mga bagong bituin. Ilang baguhan ang naipakilala na niya sa Premeire na pawang nabigyan na ng "break" sa paglabas sa pelikula. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin siyang nagmamanman ng mga "bagong talino" sa puting-tabing na maaaring sumikat at pakinabangan.

---

*Lahat nang nakapanood ng pelikulang* Turista *ay pawang nasiyahan. Anila'y parang nangakarating na rin sila sa Hapon sa panonood ng pelikulang ito.*

---


Ang *Kalibre 45* ng Premiere ay inaasahang mapapabilang sa mga pambatong pelikula ng taon. Ito'y ayon na rin sa mga nakakapanood ng mga siyuting nito na ang karamiha'y kinunan sa Sta. Maria, Bulakan.

*Si Val Castelo, na mapapanood bilang ganap nang bituin sa "CONDE DE AMOR" ng LVN. Tumutupad dito si Val ng papel na isang mangingibig at mandirigmang Konde.*





*Isang makayanig-damdaming tagpo sa "BATANG BANGKUSAY" ng Sampaguita na pinangungunahan nina Fred Montilla, Rita Gomez at Van de Leon, sa direksiyon ni Conrado Conde.*




Lani Oteyza

ng Premiere